UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
LIBRARY
MAR 18 1957

MAGASIN NG
BAGONG Buhay
MARSO 17, 1957

NAGDIWANG ANG
MGA KATOLIKO ...



## Mga SULAT sa Patnugot

*Napapansin kong karamihan sa mga lumalabas na istorya, nobela at iba pang lathalain sa panahong ito ay wala nang nauukol sa pagtuturo ng aral sa tao. Hindi na gaya noong mga unang panahon. Hindi ba maaaring maglathala kayo ng gayon ding mga uri ng lathalain? —Gng. Felipa de Dios, Marikina, Rizal.*

**Panahon na ho ngayon ng bomba atomika, kaya malaki na ang ipinagbabago ng mga bagaybagay sa mundo. Nguni't maganda ang inyong mungkahi. Sa katunayan ay naglalathala rin kami paminsan-minsan ng hinahanap ninyong istorya. Hayaan ninyo't maglalabas pa kami uli ng mga kuwentong nakapagbibigay-aral.—P.**

*Maaari po bang makapagpalathala ng tula? Magkano po naman ang bayad? —Delfin Makalinaw, Pasig, Rizal.*

**Maaari po, bakit hindi? Lamang, sa ngayon ay hindi pa kami nagbabayad para sa mga tula. — P.**

*Maaari bang malaman namin kung tutoo ngang sina Charito Solis at Eddie Rodriguez ay lihim nang nagkakaibigan? Bilang editor ay nalalaman siguro ninyo ang bagay na iyan. —Elena Cruz, Sta. Cruz, Maynila.*

**Hindi ho namin masagot ang ibig ninyong malaman.**

*Ang Manila Times Publishing Co. na nga ho ba ang naglalathala ng inyong pahayagan? —Rufo Aquino, Makati, Rizal.*


**Maliwanag pong nakasulat iyan sa "editorial box" ng aming diyaryong pang-araw-araw.—P.**

*Makakahingi po ba ng larawan ni Nida Blanca? Isa po ako sa masugid niyang tagahanga, nguni't ilang beses na akong sumulat at humihingi sa kanya ng larawan ay hindi pa ako tumatanggap. —Elisa Gas. Joaquin, Quezon Boulevard, Maynila.*

**Hindi pa lamang marahil naaasikaso ni Nida ang pagpapadala sa inyo ng retrato dahil sa karamihan ng kanyang trabaho. Pero siguradong tatanggap kayo. Sulatan ninyo uli ang hinahangaan ninyong bituin. — P.**

# SUNOG: MALUPIT NA KAAWAY!





**Ito ang sinapit ng buong bloke ng kalakalan sa purok ng Quiapo na sumasaklaw sa Quezon Boulevard, Echague at Villalobos nang maganap doon ang isa sa pinakamalalaking sunog noong nakaraang taon.**


KATATAPOS lamang ibunsod ng pamahalaan ang tinatawag na "Linggo ng Pag-iwas sa Sunog" (Marso 1-7). Minsan pang nagsikilos ang kinauukulang mga pinuno at tauhan ng gobyerno sa pagpapagunita sa mga mamamayan ng mga kapinsalaang nagagawa ng apoy at ng mga paraan ng pagiingat at pag-iwas sa sunog. Sa pamamagitan ng inihahandang mga palatuntunan at aralin sa mga paaralan ay sinariwa sa isipan ng mga nagsisipag-aral ang "simula at wakas ng sunog". Sa mga lansangan ay ipinaskel ang nandidilat at naglalakihang mga babala tungkol sa kapanganiban ng apoy, at maging sa mga pahayagan ay nalathala ang mga paalaala sa pag-iwas sa sunog.


Taun-taon ay buong sigasig at muli't muling isinasakatuparan ang palatuntunang iyan ng pamahalaan.

Nguni't kung gaano kasigasig ang pamahalaan sa pagbubunsod ng mga hakbang at kilusang nagbababala sa mga mamamayan tungkol sa kalupitan ng sunog, gayon din kasigasig ang pananalanta ng apoy sa iba't ibang dako. Marami ring buhay ang nasasawi; marami ring ari-arian ang nangatutugnaw at nauuwi sa abo. At patuloy na nakakaltasan ang kabang-yaman ng bansa sa pagbibigay-saklolo sa lalong maraming nagiging biktima.

Kakatwa, nguni't siyang katotohanan, na kung malaki ang nagugugol ng pamahalaan sa pagbubunsod ng "Linggo ng Pag-iwas

**Sa Rosario, Kabite, ay naganap din ang isang malaking sunog noong taong lumipas. ₱300,000 at buhay ng isang batang bilanggong nakulong ng apoy sa karsel na kinapipiitan ang naging halaga ng sunog na itong tumupok ng maraming tahanan.**





Ito ay isa pa sa malalaking sunog na tumupok sa maraming bahay sa daang Padilla, San Miguel nang nakaraang taon din. Ang halaga ng mga nauwi sa abo ay umaabot sa P100,000.

Ang dalawang larawan sa ibaba ay kuha sa malaking sunog na naganap naman sa may hangganan ng Maynila at Kalookan na tumugnaw ng malaki ring halaga ng mga ari-arian. Makikita sa itaas ang bahagi ng nasunog na mga bahay, at sa ibaba ay ang mga biktimang nangawalan ng tahanan.

sa Sunog", lalong malaki ang kanyang nagugugol sa pagbibigay ng tulong at saklolo sa mga nagiging biktima ng sunog.

Kulang pa kaya ang pagsasakatuparan ng pamahalaan sa palatuntunang ibinubunsod taun-taon laban sa sunog, o sadyang hindi na maiiwasan o mababawahan ang kapinsalaang daranasin pa ng marami sa sakunang ito?

Sa mga larawang kalakip nito ay makikita ang ilan sa mga naganap na sunog sa Kapuluan matapos paulit-ulit na ipagunita ng pamahalaan sa bayan ang ganito: *Ang apoy ay mabuting kaibigan, nguni't malupit na kaaway! Mag-ingat sa sunog!*






MAGASIN NG BAGONG Buhay

Lumalabas tuwing Linggo ng umaga na kalakip ng pahayagang BAGONG BUHAY.

Tanggapan at pasulatan: 209 Sampaloc Avenue, Lunsod Quezon.

Namamatnugot: EDDIE RAÑOLA

Kagawad: GREGORIO R. FLORENCIO Sa sining: PETE VENEZUELA



25-2

# Masdan...



ANG DAIGDIG SA PAMAMAGITAN NG MALINAW AT MAGAGANDANG MGA MATA

ANG ARAW-ARAW NA PAGGAMIT NG ILANG PATAK NG




# EYE-MO

AY NAGDUDULOT NG KABABALAGHAN SA INYONG MGA MATA

1 Fl. oz. Contains: Chlorobutanol 1 gr.; Boric Acid 10 gr.; Berberine Sulphate 1/8 gr.; Zinc Sulphate 1/4 gr.



## *Ang Pabalat*


Ang Papa Pio XII ay ipinagbunyi ng may 470 milyong Katoliko sa buong daigdig noong Martes, Marso 12, dahil sa pagsapit ng ika-18 anibersaryo ng pagluklok niya sa pinakamataas na tungkulin sa Simbahang Katoliko. Pinatugtog ang lahat ng batingaw sa mga simbahan sa buong daigdig.

Isang misa pontipikal ang ginanap sa Basilika ni San Pedro sa Siyudad ng Batikano sa Italya, at ito'y dinaluhan ng maraming matatapat na ministro ng simbahang Katoliko ng iba't ibang bansa.

Anim na katao ang naghatid sa Katedral sa Papa na lulan ng nahihiyasang nailalakad na luklukan. Buhat doo'y binasbasan niya ang nagsisipagbunying mga alagad ng Simbahan. Dalawang ulit na inilibot ang Papa sa paligid ng Basilika: bago at matapos ganapin ang misa pontipikal.

Noong ika-2 ng Marso ay ipinagdiwang din ng mga bansang Katoliko ang pagsapit naman ng ika-81 kaarawan ng Papa.

Ang Papa Pio XII ay siyang may pinakamahabang panunungkulan bilang puno ng Simbahang Katoliko buhat ni Papa Leo XIII (1878-1903).



# ANG "USAPIN" NI BENGZON...

"SIKAT NA SIKAT" ang pangalang Mario Bengzon. Naging bida si Kongresista Bengzon sa mga balita sa pahayagan sa loob ng ilang sunud-sunod na araw. Dahilan: ang pagsasangkot niya sa pangalan ng Pangulong Magsaysay sa ilang malubhang paratang

Tungkol sa usapin ni Bengzon, may sarisaring palagay at usap-usapan ang marami. Gaya sa isang umpukan, na ganito ang naging usapan:

—Lagot na si Bengzon! Kinalaban niya kasi ang Presidente Magsaysay, e!

—Kalayaan ng sinomang tao ang pagsasalita!

—Oo nga, pero di niya mapatunayan ang kanyang paratang...

—Kung sabagay... pero, hindi pa tapos ang salitaan...

—Isang bagay ang kapansin-pansin sa gulong 'yan...

—Ano?

—Ang nais ng maraming kongresista na "alisin" si Bengzon sa Partido Nasyonalista.

—'Yan din ang sasabihin ko sana. Bakit dahil lang sa paratang na 'yon e "tatanggalin" na s'ya! Kung hindi tutoo ang sinabi ni Bengzon, di pabulaanan lang. Dili kaya'y pangaralan o parusahan sa ibang paraan. Pero bakit sisipain sa Partido? Hindi naman nangangahulugang di na isang "mabuting Nasyonalista" si Bengzon ngayo't gumawa ng gayong paratang!

—Ganyan din ang naiisip ko. At ang mga kongresistang nagpasimuno sa balak na "pagtatapon" kay Bengzon ay siyang dapat nating matyagan...

—Bakit?

—Pagka't sila'y masyadong maka-partido at maka-Malakanyang. At alam na nating ang ganyan mga pinuno ng gobyerno e walang magagawang kabutihan sa bayan.

—Siyenga. At maaaring meron pang ibang hiwaga...


—Ano'ng ibig mong sabihin?

—Ibig nilang "palayasin" si Bengzon pagka't mapanganib. Kung sa Presidente nga naman e di natakot magparatang, lalo nang dilikado kay Bengzon ang ibang kasamang me itinatagong "kabulukan"! Maaaring "pasingawin" din ni Bengzon balang araw!

—O, ano na naman ang ibig mong sabihin n'yan?

—Kayo na ang bahalang umisip...

At lalo nang naging maingay ang usapan ng umpukan tungkol sa tinatalakay na paksa...

# Ayon sa Kanila...

Kapansin-pansin ang malimit na paghingi ng kontribusyon ng mga guro sa ilang nag-aaral. Kung minsan ay may mabuting kinauukulan, nguni't kalimitan, masasabing walang kabuluhan at walang magandang dahilan. Halimbawa'y ang kontribusyong beinte o singkuwenta sentimos para sa gayon o ganitong pagtitipon sa karangalan ng prinsipal. Dili kaya'y ang diyes o beinte sentimong kontribusyon para ipambili ng handog o regalo sa isang mataas na pinuno ng paaralan, dili kaya'y upang ibili ng pangdekorasyon sa silid na hindi na sakop ng pananagutan ng eskuwelahan. Marami pang ibang mababanggit.

Kung sabagay ay hindi masama. At hindi naman lubhang pasanin para sa mga eskuwela. Nguni't ang sa ganang amin, hangga't maiiwasan ang ganyang kontribusyunan ng mga nag-aaral ay iwasan na sana. Sapagka't maraming nag-aaral ang mahihirap ang kabuhayan. Halos hustung-husto lamang ikabuhay ang kinikita ng mga magulang. Ang diyes, beinte o singkuwenta sentimong maagaw sa kanilalang bibig ay malaki ng kakulangan. Kaya kung iiwasan ang ganyang uri ng mga kontribusyon sa paaralan ay malaking kaluwagan na rin sa mahihirap na magulang ng mga batang nagsisipag-aral. — *Benita N. Singsong, Sta. Mesa, Maynila.*

Napapansin naming kulang na kulang ang mga pulis sa siyudad ng Maynila. Maraming lugar sa lunsod na walang nakatalagang pulis o sinomang alagad ng batas. Iya'y isang katotohanang hindi mapabubulaanan; lalo na kung gabing medyo alangan na sa oras. Maaaring makalakad ang isang tao ng hanggang tatlo o apat na kanto sa lansangan nang walang makikitang isa mang pulis. Sapagka't karamihan sa ating mga pulis ay nangakatalaga sa lalong matatao at mga lantad na panig ng lunsod. Dahil diyan, kung sakaling may mangyayaring ano mang kaguluhan sa isang pook na walang nakatalagang pulis, naganap na ang malulubhang pangyayari at nagkaroon na ng patayan o saksakan bago makarating ang maykapangyarihan. At kung nakawan naman, napagnakawan na ang isang maybahay at natangay na ng magnanakaw ang mga salapi at alahas bago makadalo ang isang alagad ng batas.

Sa kapakanan ng mga mamamayan, tila iyan ang isa sa mga bagay na dapat harapin ng mga pinuno ng siyudad: ang paglalagay pa ng mga pulis na maikakalat sa maraming panig ng lunsod upang ganap na mapangalagaan ang katahimikan at kapayapaan ng mga mamamayan. — *Delfin Ven. Policarpio, Quiapo, Maynila.*

Marami na namang nagsipagtapos sa pagkaabugado. Libu-libo. Marami ring nagsisipagtapos sa pagka-dentista, doktor, arkitekto, inhinyero, guro at sa iba pang propesyon. Nguni't ang kalagayang pangkabuhayan ng ating bansa ay gaya rin ng dati, hindi pa masasabing umuunlad. Ang suliranin sa kawalang-hanapbuhay ay lalong lumulubha. Sa dami ng mga nagsisipagtapos na iyan, na wala namang karakarakang makikitang hanapbuhay, ay paano kaya ang kanilang kalagayan?

Kaya nga sa halip na maging isang kaluwagan para sa bayan ang pagtatapos sa pag-aaral nang marami, ay karagdagan pang suliranin sa desempleo. —*Martin Keligas, Lunsod Quezon.*

Maraming nangyayaring sakuna sa sasakyan, na ang karamihang nagiging biktima ay mga batang naglalaro o lumalaboy sa lansangan. Kung ang ating pamahalaan ay nagpapagawa lamang ng sapat na mga palaruang-bayan na mapagpapalipasan ng mga sandali ng mga bata, kaipala'y mababawas-bawasan ang nangyayaring mga aksidente sa sasakyan. — *Lucas Sto. Domingo, Economia, Samp., Maynila.*

GALIT NA GALIT si Tandang Baste. Nagkakangsasabog ang laway sa pagsasalita. Hinahanap ang kanyang bulik na tinali.

Nagtatawang lumapit si Angge, ang anak na dalagiinding ng matanda. —Ba, e talagang ulyanin na 'ata kayo, Tatang! —ang wika.

— Sino'ng ulyanin? Baka nilalapirot ko'ng bunganga mo, e...

—E ba't hinahanap n'yo ang inyong sasabungin! Di ba humigop pa kayo ng sabaw....

—Ha? Ano'ng ibig mong sabihin?

—Ang bulik n'yo ang niluto nating tinola, a! Hinuli ng Inay dahil sa 'ala 'ayong pambili ng ulam!

Sa tindi ng galit ay halos lumuwa ang mata ni Tandang Baste.



*Maging Sa Kongreso Ay Di Nawawala Ang ..*

# PAMUMULITIKA NG ATING MGA MAMBABATAS

SAPUL nang magsimula ang sesyon ng Kongreso, na may 30 araw nang nagdaraos ng pulong, ang mataas at mababang kapulungan ay wala pang napagtitibay na mahahalagang panukalang-batas na magiging kapakipakinabang sa mga mamamayan.

Sa halip, halos lahat ng mga bill na iniharap ng mga kongresista at senador ay pawang pampulitika lamang, gaya, halimbawa, ng panukalang-batas na nagtatadhanang ang lapiang komunista at ang pakikisapi rito, sampu ng ibang samahang tulad nito, ay labag sa batas.

Bukod diyan, ang mga mambabatas ay higit na nagiging abala sa paggawa ng mga bill na kapag napagtibay ay magbibigay ng mga gawain sa mga walang hanapbuhay. Katulad ng isang bill na tinanggap kamakailan lamang ng senado na pinagtibay ng mababang kapulungan, at ipinakikiusap ng mga kongresistang gumawa ng bill na pagtibayin nang walang susog. Kapag naging batas ang naturang bill ang kawanihan ng mga gawaing-bayan at pahatiran ay makapagdaragdag ng 500 tagapaghatid ng liham.

Karamihan sa mga panukalang-batas na iniharap ng mga mambabatas, tulad ng bill na siyang magpapahayag na labag sa batas ang lapiang komunista, ang muling paglikha ng Kagawaran ng mga Suliraning Panloob, ang isa pang bill na nabanggit sa unahan, at iba pa, ay pinagtalunan sa loob halos ng dalawang linggo.


Ang ginagawang pamumulitika ng mga mambabatas ay nakatawag ng pansin ni Senador Jose P. Laurel, ama, at ito ang naging dahilan upang siya ay manawagan nang ilang ulit sa mga kongresista at senador na isaisantabi na muna ang pulitika at asikasuhin ang lalong mahahalagang bagay para sa kabutihan ng bayan at ng mga mamamayan.

Ginawa ni Senador Laurel ang kanyang panawagan sapagka't bago nagsimula ang kasalukuyang sesyon, ang mga mambabatas, sa pamamagitan ng isang kaukus, ay nangako na ang ihaharap lamang nilang mga panukalang-batas ay para sa pagpapaunlad ng industriya ng bansa.

Nguni't sapul nang magsimula ang pulong, hanggang sa kasalukuyan, ang mga mambabatas ay hindi pa naghaharap ng ano mang bill na makatutulong sa mga industriya ng bansa, at sa halip, ang kanilang inaatupag na gawin at iharap ay mga panukalang-batas na ang layunin ay may uring pulitika.

May dalawang linggo na ngayon ang nakaraan, si Senador Cipriano Primicias (NP-Pangasinan) piur lider ng senado, ay nagharap ng isang bill na ang itinatadhana ay ang pagsususog sa isang batas na siyang naglalaan ng salapi para sa mga gawaing-bayan. Ang layunin ng panukalang-batas na iniharap ng plur lider ng senado ay mapalitan lamang ang pangalan ng isang *boulevard* sa lunsod ng Dagupan, na ang tawag ay *Perez Boulevard*, at gawing *Pantal Boulevard*. Ang bill na ito ay may tatlong araw na pinagtalunan sa mataas na kapulungan, na isang katunayang inaaksaya lamang ng mga mambabatas ang kanilang panahon sa pagtatalo sa mga panukalang-batas na ang layunin ay walang halaga.

Ipinalalagay ng mapaniwalaang mga lipunan sa



*Simulat ni* TITO V. CARBALLO



Senador Jose P. Laurel, ama, (NP-Batangas): "Sino kaya ang itataguyod ko, si RM o si Recto?"



Pangulong Eulogio Rodriguez, ama, ng Senado (NP-Rizal): "Ako'y kay RM, kahit magpunta siya sa impiyerno!"



Senador Claro M. Recto (NP-Batangas), kandidato sa pagka-Pangulo: "Mahalal kaya ako?"




KINAPITAN NG
SIPON?

Naito ang Dagling
PANLUNAS!



MABILIS
LIGTAS
Ukol sa sakit ng ulo at lagnat dahil sa sipon, lumunok ng CORTAL! Kahanga-hanga ang bilis ng CORTAL sa pagdudulot ng ginhawa . . . pinasisigla pa kayo!
KAPAG SINUMPUNG NG KIROT, Humingi Ng —
Cortal
DAGLI-LIGTAS-TIYAK



Madalas masaksihan sa Kongreso, na ang mga mambabatas ay hindi nakikinig sa isang nagtatalumpati. Gaya ng makikita sa larawan, si Senador Delgado ay nagtatalumpati, nguni't hindi siya pansin ng mga kasamahang nakikipagusap sa mga katabi.

Kongreso na ang kasalukuyang pulong ay iuukol lamang ng mga mambabatas sa "pagpapalapad ng papel" sa kanilang mga tagapagtaguyod. Ang kapakanan ng mga mamamayan ay muling isasaisantabi, at ang aasikasuhin lamang ay ang nauukol sa kanilang kapakanan, ang paghahangad na muling mangahalal.

Sa kasalukuyan ay maraming mga pabrikante at mga mangangalakal na halos araw-araw ay nagpupunta sa Kongreso upang makiusap sa mga mambabatas na gumawa ng mga bill na siyang magtatanggol sa kanilang kapakanan kapag napagtibay at naging batas. Nguni't, ang mga pabrikante at mangangalakal na ito ay walang natatanggap buhat sa mga mambabatas kundi mga pangako lamang, sa halip na "kumilos" ang mga ito upang mapaunlad ang sariling mga industriya, na siyang makatutulong sa ating kabuhayang pambansa.

Sa palagay ng mga lipunang mapaniniwalaan sa Kongreso, ang lahat ng mga mambabatas na ang panunungkulan ay matatapos sa taong ito, at nais



Senador Gil J. Puyat (NP-Pampanga): "Kumandidato kaya ako para Pangulo, o senador na muli?"




Ukol sa sakit ng ulo at lagnat dahil sa sipon, lumunok ng CORTAL! Kahanga-hanga ang bilis ng CORTAL sa pagdudulot ng ginhawa . . . pinasisigla pa kayo!
KAPAG SINUMPUNG NG KIROT, Humingi Ng —
Cortal
DAGLI·LIGTAS·TIYAK

na mangahalal na muli, ay walang hinahangad kundi matapos na ang sesyon upang sila'y makapagsimula na ng kani-kanilang kampanya. Araw-araw, ang mga tanggapan ng mga mambabatas na ito ay punung-puno ng mga tao, na ang karamihan ay mga lider na nangakong sila'y itataguyod. At ang mga mambabatas na ito, dahil sa dami ng mga dumadalaw sa kanila, ay wala nang nagagawa sa Kongreso tulad baga ng pag-iisip ng makabuluhang mga bill, o pag-aaral ng ilang mga panukalang-batas sa ikauunlad ng kabuhayan ng bansa.

Dahil dito, ayon sa nabanggit na mga lipunan, ang bayan ay muli na namang magdaranas ng hirap. Sapagka't sa halip na tapusin ng mga mambabatas ang kanilang mga pangako sa bayan, ay pulos pamumulitika nga ang pinag-uukulan ng panahon. Kaya, ang lahat ng mga mahahalagang panukalang-batas ay malamang na mabimbin hanggang sa susunod na pulong ng kongreso sa 1958.



**Senador Lorenzo M. Tañada (CP-Quezon): "Si Senador Recto ay tiyak na mahahalal!"**



**Senador Francisco Delgado (NP-Bulakan): "Kaninong tiket ako palilalim sa aking kandidatura sa pagka-senador na muli, kay Recto o RM?"**



**Senador Francisco "Soc" Rodrigo (NP-Bulakan): "Kailangang gamitin ang Sariling Wika sa Kongreso upang lalong mabigyan ng kahalagahan ang nasyonalismo!"**




**Senadora Pacita M. Gonzales (NP-Albay): "Sino kaya ang dapat itaguyod ng "Samahang Manang Pacita" ko, si RM, o Don Claro?"**



**Senador Cipriano Primicias (NP-Pangasinan): "Si RM ay tiyak na mananalo, nag-aaksaya lamang ng panahon si Recto!"**



**Senador Pedro Sabido (NP-Albay): "Kailangan kayang isabansa ang lahat ng mga banko sa Kapuluan?"**



**Isang tagpo sa mataas na kapulungan, samantalang may pulong. Makikita sa larawan sina Senador C. Primicias, plor lider, samantalang nakikipagusap kay Senador Jose C. Locsin, tungkol sa kung anong bill ang dapat iharap, samantalang si Senador Recto, kandidato sa pagka-Pangulo, ay nakikipagusap kay Senador Tañada, ang kanyang tagapamahalang pangkalahatan sa kampanya.**


HINDI NATUTUNAWAN? PANGINGINIT NG DIBDIB? KABAG?




UKOL SA KAGYAT NA LUNAS HINGIN ANG MGA TABLETANG PHILLIPS'

Sa tuwing kayo'y mapapalabis ng pagkain, ito'y tandaan.... Hindi ninyo batid kung kailan kayo'y susumpungin ng pangangasim ng sikmura, pag-iinit ng dibdib o di pagkatunaw ng kinain. Kaya laging magdala ng panglukbutang lata ng mga tabletang Phillips Milk of Magnesia. Sa ganyang paraan...Kayo'y laging handa sa dagliang ginhawa maging kailan kayo'y sumpungin ng nabanggit na karamdaman. Ang mga tabletang Phillips Milk of Magnesia na kaayaaya't masarap ang lasang tulad ng kendi, ay nasasangkapan ng pinakamabilis at pinakamabisang minatamis na sangkap na kagyat nagpapaginhawa sa pangangasim ng sikmura at di matunawan.

Latang may 30 Tabletas ... ₱0 65
Boteng may 75 Tabletas ... 1 30
Boteng may 200 Tabletas ... 2.80

TABLETANG PHILLIPS' MILK OF MAGNESIA

Each tablet contains Magnesium Hydroxide 309 gm. 12-17

# moda

*pitak ni marissa*

**Kagandahang-loob ni**

**Bb. Luzviminda de la Peña**



*Bagay gamitin sa pamamasyal, piknik o eskursiyon ang "jeans" na maong at rosas na "trubinize" pagka't maginhawa sa katawan at malaya sa pagkilos ang may suot. Ito ay binagayan ng sapatos na buo ang entrada at walang takong.*



*Lalong nakabibighani ang modernong "balintawak" na itong yari sa telang* cotton satin *na kulay gatas at ang mga disenyo ay dilaw at berde. Ang "cutwork" ng disenyo ng saya ang ikinabit sa manggas. Angkop dito ang puting "step in".*



*Kaibig-ibig pagmasdan ang "cokctail aress" na Kaibig-ibig pagmasdan ang "cocktail aress" na inaporohan ng puting* bridal satin. *May makitid na* sash *na puti na tinampukan ng bulaklak na rosas sa dibdib. Binagayan ng sapatos na itim at "pocketbook" na gayon din ang kulay*

**Mga larawang kuha ng TROPICANA**



*Nangunguna ang mga nakakabayo sa isang mahabang parada ng mga karitela, kalesa, at tiburin bilang pasimula ng pagdiriwang.*

*Ang katutubong sayaw na Taga-ilog ay ginampanan ng mga mag-aaral bilang parangal sa Reyna, sa prinsibini, at sa mga mutya ng iba't ibang kolehiyo ng N.U.*




# KATUTUBONG PAGDIRIWANG SA "N.U."

**ISANG MARINGAL** na pagdiriwang ang idinaos noong linggong nakaraan bilang parangal sa ikalimampu't pitong taong pagkakatatag ng National University. Kaiba sa karaniwan, ang pagdaraos ng kasayahan ay nagbigay-halaga sa mga katangiang katutubo sa lahi. Ang pagdiriwang ay sinimulan ng mga guro at mag-aaral sa pamamagitan ng isang mahabang parada ng mga karitela, kalesa, at tiburin na naglakbay mula sa kampus ng paaralan sa Sampalok hanggang sa Lunsod Quezon. Ang sumunod pang mga pagtitipon at palatuntunan ay pawang nagtampok ng katutubong mga awit at sayaw, pananamit at palamuti. Ang kasukdulan ng pagdiriwang ay naganap sa pagpuputong ng mga koronang sampagita sa Reyna ng National University, si Bb. Rosalina Manuel, at sa Prinsibini ng Mataas na Paaralan, si Bb. Angelita Ortiz. Itinampok din sa Gabi ng Pagpuputong ang isang dulang hinango sa kasaysayan ng lahi gayondin ang mga tanging sayaw-Pilipino bilang parangal sa reyna, sa prinsibini, at sa mga mutya ng iba-ibang kolehiyo ng Pamantasan. Anopa't lubos na nasiyahan ang matataas na mga pinuno ng pamahalaan at ang balanang nakasaksi ng mga kasayahan dahil sa mga katutubong kulay at sangkap ng buong pagdiriwang. —*dld*




*Ang Prinsibini ng Mataas na Paaralan, si Bb. Angelita Ortiz, samantalang pinuputungan ng koronang sampagita ng Reyna ng Pamantasan.*



*Kapiling ng kaniyang konsorte, si Bb. Rosalina Manuel ang Reyna ng National University, ay lulan ng isang tiburing napapalamutihan ng mga sampagita, ilang-ilang, at anahaw.*





**TAGUBILING PANGKUSINA** — Lubhang mahalaga ang maingat at malinis na paraan ng paghahanda ng pagkain sa isang mag-anak, sapagka't ang kalinisan ay siyang saligan ng kalusugan ng lahat, lalona ng mga bata. Bago humipo ng ano mang pagkaing hindi hinuhugasan, kailangang maghugas munang mabuti ng kamay. Nguni't hangga't maaari ay huwag hipuin ang pagkain. Sa halip ay gumamit ng malilinis na kasangkapan, gaya ng makikita sa mga larawan sa itaas.

## PANTAHANAN

**MAAYOS AT MAGANDANG SILID-TULUGAN** — Sa alinmang tahanan, ang silid-tuluga'y isa sa mga silid na pinakalilinis at pinakaaayos ng maybahay. Sapagka't ang silid-tulugan ay siyang pinagpapahingahan ng ating mga hapong katawan, bukod sa dito malimit magpalumagak ang isang ama o ina ng tahanan na nais lumayo sa mga kaguluhan at kaingayan ng kanilang mga anak. Kapag malinis ang silid-tulugan, nakadarama ng kaginhawahan ang isang nagpapahinga at nahihimbing tuloy sa pagtulog. Kapag maayos ang silid-tulugan ay nakasisiya rin sa paningin ng sinumang makamamasid. Hindi rin natin ikahihiyang patulugin o papagpahingahin sa malinis at maayos nating silid-tulugan ang sinomang panauhin. Sa larawan sa itaas ay makikita ang isang magarang disenyo ng ginantsilyong kubrekama na tinatawag na "Twinkle Star", na lalong nakapagbibigay-ganda sa isang malinis at maayos na silid-tulugan.




ni Mario Nieves

# NAGBIGAY-ULAT SI HUWAN DE LA KRUS UKOL SA NASYONALISMO




NAGLALAKAD sa mataong Eskolta si G. Huwan de ia Krus, nakatsinelas at nakabarong Tagalog. Di man ikinagitla, ipinagtaka ko ang ayos niyang iyon. Ang dahilan: ibang-iba si G. de la Krus sa anak nitong si Huwan, Dayunyor. Laging naka-Amerikana't kurbata si Dayunyor at lagi ring nakasapatos ng stetsayd. At sa hangad kong malaman ang hiwaga naganap ang panayam na ito:

T. Bakit tila po naiiba ang puno sa bunga?

S. *Iho, tayo'y Pilipino. Liwanagin mo ang iyong tanong.*

T. Bakit po si Dayunyor ninyo'y makabago, samantalang kayo'y... nakatsinelas lamang dito sa Eskolta?

S. *Nasyonalismo, iho, nasyonalismo.*

T. Nasyonalismo. Ano po ba ito?

S. *Pagmamahal sa katutubong atin. Ang ibig kong sabihi'y sa sarili nating mga kaugalian, produkto, sining, wika, at...*

T. At pagkain?

S. *Hmmm, maaari. Katulad ng dilis, tinapa, tuyo.*

T. Huwag n'yong sabihin si Dayunyor ay napakakain pa ninyo ng tuyo?

S. *Hindi na nga.*

T. Marahil po'y laging karne at mga pagkaing stetsayd ang gusto niya ngayon?

S. *Tama ka. At dahil diya'y malapit na kaming maghirap.*

T. Maghirap?

S. *Oo. Sapagka't sa lahat ng mga stetsayd ay pinipili niya ang pinakamahal.*

T. Magkano po ang nagagasta ninyo?

S. *Mahirap na lamang ang magsalita. Pero sa bawa't dulog niya sa hapag-kainan ay ito ng kanyang nakakain: isang buong pritong manok, isang platong hamburdyer, isang tasong kamaron rebusado, isang bandehadong makaroni at dalawang buong testi bred. Lahat ay stetsayd. At sinasamahan pa ng isang boteng wisking "White Barbel", kung tanghalian.*

T. (Gulp) Malamang na hindi po siya matunawan?

S. *Hindi ko na saklaw iyan.*

T. Bakit po?

S. *Pag nakakain na si Dayunyor ay umaalis at nanonood ng sine.*

T. Sa sine Kaligay po?

S. *Hindi siya nanonood doon. Ayaw niya ng pelikulang gaya ng* Anak-Salita, o Higit sa Alahas o Barumbandido.

T. Ano po ang ibig niya?

S. *Ano pa di iyon ding stetsayd. Halimbawa'y* Eddy Gusting *o kaya'y* Alisander di Gret.

T. Saan-saang sine po siya pumapasok?

S. *Kung minsan e sa Aben ho, kung minsan sa Taymis, kung minsan sa Bolibar.*

T. Pihong laging magara ang bihis niya, ano po?

S. *Tama, sapagka't stetsayd din.*

T. Anu-anong tela po?

S. *Inglish bool, harskin, bakron, at mylon.*

T. Mylon po yata ang amerikanang madalas niyang isuot?

S. *Iho, huwag tayong magbiruan. Hindi maaaring gawing Amerikana ang mylon.*

T. Ang sapatos po niya?

S. *Diyan ko mapupuri si Dayunyor.*

T. Matibay po marahil?

S. *Matitibay at magaganda. Sa may dalawampung sapatos niya'y may parang balahibo ng leon, may kakulay na kakulay ng balat, may butas-butas para nga naman presko.*

T. Nakatutuwa po ang ganoong sapatos. Kaya po marahil nasabi ninyong mapupuri ninyo si Dayunyor?

S. *Oo sana.*

T. Bakit po *sana*?

S. *Paano'y nasasaktan ang bulsa ko. Mabuti man lamang sana kung ang marka ng sapatos ay "Ang Bayti" o kaya'y "Erco." Hindi. Gusto pa iyong sapatos daw sa kamera.*

T. Ano pong kamera?

S. *Hindi pala kamera... kamara.*

T. Ano po naman ang libangan ni Huwan Dayunyor sa bahay?

S. *Magbasa habang naninigarilyo.*

T. Anu-ano po ang binabasa?

S. *Mga diyaryo at magasin.*

T. Halimbawa po?

S. *Sa mga diyaryo'y ang* Manila Cornicle, Daily Terror, *at* Evening Views, *at sa mga magasin ay* Soronet, Writer's Digest *at* Hook.

T. Hindi po ba siya bumibili ng *Bagong Gulay* o *Kisap* o *Takipsilim?*

S. *Malungkot. Hindi, iho.*

T. Ano po naman ang mga hinihitit na sigarilyo ni Dayunyor?

S. *Dalawang marka lamang: ang* Karamel *at* Centerfield. *Mga stetsayd, kaya napakamamahal.*

T. Sa mga paglabag po ba ni Dayunyor sa batas ng nasyonalismo ay hindi ninyo siya pinagbabawalan man lamang?

S. *Mahirap, iho, mahirap.*

T. Bakit po naman?

S. *Basahin mo ang marka ng plumang iyong ginagamit.*

T. *Barker...* bakit po?

S. *Katulad mo at ni Dayunyor, mahirap isagawa ang isang tunay na nasyonalismo.*

T. Maaari pong isagawa nang hakbang-hakbang ang nasyonalismo, hindi po ba?

S. *Tama. At ang tutoo'y wala namang dapat tutulan sa pagtangkilik sa kalakal ng ibang bansa sapagka't iya'y tutungo sa kaunlaran. Subali't pag nakalimutan ang sariling atin, ibang usapan na iyan.*

T. Mabalik po tayo sa inyong tsinelas. Lagi po bang iyan ang inyong isinusuot?

S. *Sa ngayon, oo. Nguni't nangangamba akong pag hindi natuto ng nasyonalismo si Huwan Dayunyor ay mawawala pa ito at magyayapak na lamang ako.*

T. Kasiya-siya rin naman ang napag-usapan natin ukol sa nasyonalismo, ano po?

S. *Huwag mo sanang makalimutan ang nasyonalismo, iho.*

T. Salamat po at paalam.

S. *Adiyos... at hanggang sa muli.*

**Nakatabi ni Bindoy sa karerahan ang isang Amerikanong naninirahan na sa Pilipinas. Nagkabatian sila at nagkausap.**

**—Naweweley na kow sa Pelepenas. Mababaeyt at** friendly **ang mga taow? — pagbibigay-lugod ng Amerikano.**

**—Op korsl — painggles at may-pagmamayabang na sagot ni Bindoy. — Wi ol Pilipinos is beri-beri prendlil Eniwer... enitaim!**

—I'm proud of you, Filipinos! — **painggles na ring sabi ng Amerikano.**

**Isang taga-Surian ng Wika ang nakarinig sa usapan ng dalawa, at bumulong: — Kaya...?**




**INAGAW SA KANILA NG DIGMA ANG ISANG MAHAL SA BUHAY, NGUNI'T MULI SILANG NAKADAMA NG LIGAYA SA...**

# Pagbabalik Ng Isang "Ama"

**ni GENOVEVA C. ASUNCION**

MANGILAN-NGILAN na lamang ang mga taong inabot ni Chedeng na namimili sa Dibisorya nang hapong iyon. Ginaygay niya ang hanay ng mga nagtitinda ng kamote, niyog, panutsa, at iba't iba pang pangunang kailangan sa buhay. Pinakiramdaman niya ang takbo ng bilihan sa paligid-ligid ng Dibisorya. Lalong tumataas ang halaga ng mga paninda. Higit na mataas kaysa nang sinundang araw. Umabot na hanggang sampung piso ang halaga ng isang taling kangkong. Limampung piso naman ang isang kilong panutsa. Ang mga nagtitinda ay ayaw nang tumanggap ng salaping hapon. Ang ibig ay palitan na lamang.

Sinalat-salat ni Chedeng ang kuwintas na pigil niya nang mahigpit sa lukong ng kanyang palad. Nagdadalawa ang kanyang loob. Ipagpalit na kaya niya ang kuwintas upang makapag-uwi ng mga pagkaing maiimbak para ilaan sa hinaharap na kagipitan?

May naramdaman siyang pagtutol na galing sa kanyang dibdib. Wari'y ibinulong ng kanyang puso: *Huwag! Alalahanin mo si Lauro, si Laurong kaugnay ng kuwintas na iyan!*

Hindi sinasadya'y lalong napahigpit ang pagkakapigil ni Chedeng sa hawak na kuwintas. Nanaig sa kalooban niya na huwag nang ipagpalit ang kuwintas. Mahal niya ang kuwintas na iyon. Subali't ... paano si Lito... ang tanging supling na naiwan sa kanya ni Laurong nasawi sa larangan ng Bataan? Magugutom si Lito. Kailangang ipagpalit niya ang kuwintas upang hindi magutom si Lito. Upang makapag-imbak sila ng pagkain. Nababalita na ang nalalapit na pagpasok ng mga Amerikano sa lunsod. Maaaring magkaroon ng mahigpit na labanan. At kapag nagkagayon ay wala nang makalalabas ng bahay upang bumili ng makakain.

Nilaru-laro ni Chedeng sa kanyang palad ang kuwintas. Minsang kuyumin iyon at minsang itapat sa kanyang labi.

Sadyang masakit sa kalooban ni Chedeng na mawalay sa kanya ang nasabing kuwintas. May mahalagang kasaysayang iniuugnay sa kanyang buhay ang kuwintas na iyon. Iyon ang alaalang ipinabaon niya kay Lauro bago ito nagtungo sa larangan nang sumiklab ang digmaan sa Pilipinas. Tandang-tanda pa niya ang iniwang pangungusap ni Lauro pagkatapos na tanggapin nito ang kuwintas.

—Kung saka-sakali ay ang kuwintas na ito ang magiging kinatawan ko sa muli kong pagbabalik sa piling ninyong mag-ina, matalinghagang w i k a noon Lauro habang yakap-yakap silang mag-ina ni Lito na noon ay magiisang taon pa lamang ang gulang.

Mula nang pumalaot si Lauro sa larangan ng digmaan ay nagkasusun-suson na ang hirap na pinasan ni Chedeng sa pagsalunga sa matarik na kalbaryo ng buhay. At ang krus ng kahirapang pasan niya ay lalo manding bumigat nang mapasailalim ng kapangyarihan ng hukbong hapones ang Pilipinas. Dahil sa kakapusan ng salaping maibibili ng pagkain ay naisipan ni Chedeng na ipagbili ang ilang ari-ariang naipundar nila ni Lauro. Pati mahuhusay niyang damit ay dinala na rin niya sa pamilihan ng Bambang upang ialok sa mga bumibili ng "genuine" (damit na gamit na).

Hindi pa noon namamatay ang kanyang pagasang buhay si Lauro. Nananalig pa rin siya sa pagbabalik niyon sa piling nilang mag-ina oras na tumahimik na ang digmaan. Katunayan ay sa paniniwalang iyan iginising niya ang lumalaking si Lito kapag itinatanong nito kung saan naroon ang ama.

—Ang iyong ama'y naghahanapbuhay sa lalawigan. Babalik din siya sa atin pagkatapos ng giyera at pasasalubungan tayo ng maraming damit at pagkain, —ang malimit niyang isagot sa mga pagtatanong ni Lito.

Subali't isang araw ay isang malungkot na balita ang tinanggap ni Chedeng buhat sa isang dating kaibigan ni Lauro na nakasama nito sa labanan sa Bataan. Si Lauro raw ay sinamampalad na masawi sa pagtatanggol sa isang kuta ng Hukbong Pilipinong nagsiurong sa Bataan. At bago nalagutan ng hininga ay ibinigay sa kaibigang kawal ang isang kuwintas at ipinagbiling ibigay iyon sa kabiyak na si Chedeng kapag natagpuan ito sa Maynila.

Matagal na hindi nakapangusap noon si Chedeng matapos tanggapin ang masaklap na balita buhat sa kaibigan ni Lauro. Ang nalaman na lamang niya ay pigil niya nang mahigpit ang kuwintas sa tapat ng kanyang nagsisipanginig na mga labi habang sa kanyang pisngi ay walang tila ang pagpatak ng mapapait na luha. Noon niya nabigyan ng kahulugan ang sinabi ni Laurong kaugnay ng kuwintas na iyon bago napasa-larangan. Nagbalik nga si Lauro, nguni't hindi na ang katauhan nito kundi ang kuwintas na sinabing kakatawan sa kanyang asawa sa muli nitong pagbabalik sa piling nilang mag-ina.

Tatlong taon nang namatay si Lauro, nguni't

(*Buklatin sa pah.* 16)

# DR. PEDRO A. PATERNO: Tagapamagitan ng "Pakto ng Biyak Na Bato"

Sinulat ni ARTURO MA. MISA



Si Dr. Pedro A. Paterno, na siyang naging tagapamagitan sa "Pakto ng Biyak na Bato". Isa siya sa maitatanging bayani ng ating lahi.



Ang pangkat ni Heneral Aguinaldo, nang patungo sa simbahan ng Barasoain, Malulos, Bulakan na pagdarausan ng sesyon ng kongreso. Kasama ng heneral sina Dr. Pedro A. Paterno, Hen. Pio del Pilar, Arsenio Cruz Herrera, Don Benito Legarda, Hen. Tomas Mascardo, Don Baldomero Aguinaldo, Hen. Pantaleon Garcia, Kor. Maximo Kabigting, Kor. Benito Natividad, Severino de las Alas at Gracio Gonzaga.

"NAGSIMULA NA ang bagong araw sa ating bayan. Panahon na upang kumilos at maipakilala sa mga taong nakasasakop sa atin na tayo ay mga nilikha na may karapatan sa paglaya. Na ang kalayaan ay siyang pangunang layunin natin sa daigdig at siyang saligan ng buhay at kaunlaran. Ang lumipas na araw ng pagkaalipin ay dapat nang bigyang-wakas. Kailangan ang panibagong yugto sa lubos na ikalalaya ng ating bayan."

Iyan ang mga pangungusap ni Dr. Pedro A. Paterno, nang buksan ang unang kongreso sa simbahan ng Barasoain noong ika-15 ng Septiyembre, 1898, sa bayan ng Malulos, Bulakan. Lahat nang nakarinig sa talumpating iyon ay humanga kay Pedro A. Paterno at maging si Heneral Emilio Aguinaldo ay lubos ding nagpuri at bumati sa magiting na orador.

Hindi lamang miminsang naipamalas ni Pedro A. Paterno ang angkin niyang katalinuhan. Maging noong siya ay nag-aaral pa sa kolehiyo ng Ateneo de Munisipal sa Maynila ay kinalugdan agad siya ng kanyang mga guro at ang lahat ay nagsabing darating ang panahon na si Paterno ay magiging isang matibay na haligi ng kanyang bayan tungo sa kasarinlan.

Noong 1872, pagkatapos na matanggap ni Paterno ang kanyang katibayan sa pagtatapos sa mataas na paaralan ng Ateneo, ay ipinadala ang binata ng kanyang mga magulang sa bansang Espanya upang lalong mapalawak ang angking karunungan.

Sa Unibersidad ng Salamanka sa siyudad ng Madrid nagpatala si Pedro A. Paterno at ang karunungang kanyang pinag-aralan ay tungkol sa pilosopiya, teolohiya, at batas ng simbahan.

Matapos matamo ni Pedro A. Paterno ang titulong "bachiller" sa Unibersidad ng Salamanka ay muling nagpatuloy ng pag-aaral sa Unibersidad Central de Madrid upang magpakadalubhasa. Noong 1880 ay tinaglay niya ang titulong doktor sa pilosopiya, teolohiya, at *canones lay*.

Pagkatapos na maisakatuparan ang ilan sa mga pangarapin sa buhay ay hindi agad umuwi sa sariling bayan ang binata. Tumigil siya ng ilang panahon sa siyudad ng Madrid at dito siya nagsanay sa karunungang kanyang natapos. Nakadaop-palad niya ang matataas na pinuno ng pamahalaan. Isa sa mga naging kaibigan niya ay ang pamilya ng mga Castelar at Nuñez de Arce, na pawang nabibilang sa kilalang angkan ng naturang siyudad.

Samantalang na sa Madrid ay nakatagpo rin niya ang ilan sa ating mga kababayang noon ay nagsisipagsumakit na ihanap ng landas ang ikalalaya ng kanilang bayan sa pamamagitan ng pakikipagunawaan sa matataas na pinuno ng pamahalaan ng bansang Espanya.

Si Pedro A. Paterno ay nakiisang damdamin sa mga iyon. Isa siya sa mga naging masigasig sa kilusan ng mga liberal na Pilipino. Ginamit niyang sandata ang kanyang panulat na tulad nina Graciano Lopez Jaena, Marcelo H. del Pilar at Mariano Ponce.

Sa pamamagitan ng kanyang panulat ay naipakilala niya sa mga Kastila na ang mga ito ay nagkakamali sa pagtawag ng *Indio* sa mga Pilipino, sapagka't ang katagang ito ay nababagay lamang sa mga taong mangmang at walang muwang sa takbo ng kabihasnan.

Noong 1881 ay ipinalathala ni Pedro A. Paterno ang katipunan ng magagandang liriko ng kanyang bayan at ito'y pinamagatang *Sampaguita y Poesias Varias*. Ang aklat na ito ay siyang naglagay sa mga Pilipino sa mataas na pagpapahalaga ng mga Kastila sa Madrid at maging sa ibang pangunahing siyudad ng bansang Espanya.

Pagkatapos magtamo ng tagumpay sa naturang aklat ay muling hinawakan ni Paterno ang kanyang panulat at sa pagkakataong ito ay inilarawan naman niya ang kagandahan ng Maynila sa pamamagitan ng isang nobelang pinamagatang niyang *Ninay* at ito'y kanyang ipinalathala noong 1885.

Pagkalipas ng dalawang taon ay muli niyang ipinalathala ang kanyang ikatlong aklat. Ang kasaysayan ng aklat na iyon ay tumatalakay sa kabuhayan ng kanyang mga kababayan at pinamagatan niyang *La Civilizacion Tagala*. Dito ay inilarawan naman niya ang paghihirap ng mga Pilipino dahil sa kalupitan ng mga

nakasasakop at ang hindi makatarungang pakikitungo ng pamahalaan sa mga mamamayan.

Noong 1890 ay ipinalathala naman niya ang *Los Itas,* na tumutukoy sa mga katutubong namamayan sa mga kabundukan ng Sambales — ang buhay, pananamit at kaugalian ng mga katutubong iyon na lubhang malayo sa kabihasnan.

Ang mga aklat na iyon ay muling sinundan ng isa pa, ang *El Regimen Municipal de las Islas Filipinas.* Isang bahagi ng aklat na iyon ay tumatalakay sa dapat gawing mabuting pakikitungo ng mga Kastila sa mga Pilipino upang magkaroon ng pagbabago ang pamamalakad ng pamahalaan.

Ang bunga ng panulat at ginintuang diwa ni Dr. Pedro A. Paterno ay umani ng malabis na paghanga ng mga Kastila at maging ng mga taga-Europa. Dahil din sa mga aklat na iyon ay pinagkalooban si Paterno ng medalyang krus ni Reyna Elizabeth, isang karangalang bihira ang napagkakalooban.

Nang sumapit ang 1893, tatlong taon bago sumiklab ang unang himagsikan sa Pilipinas, ay maluwalhating nagbalik sa sariling bayan si Pedro A. Paterno na taglay ang karangalang natamo sa ibang lupain.

Sa pagsisimula ng himagsikan ni Aguinaldo ay ginawa siyang pangulo ng kongreso at kabilang sa komiteng lumagda sa saligang-batas ng Malulos, na kasama nina Apolinario Mabini, Felipe Calderon, Felipe Buencamino at ibang magigiting na lidèr ng ating bayan nang panahong yaon.

Nang makipagtalastasan si Gobernador-heneral Primo de Rivera kay Heneral Emilio Aguinaldo noong buwan ng Disyembre, 1898, sa Biyak na Bato, si Pedro A. Paterno ay siyang nagsilbing tagapamagitan. Sa pamamagitan niya ay iniharap kay Aguinaldo ang mga kasunduang nilalaman ng pakto mula kay Primo de Rivera. Ang pangunahing layunin ng pakto ay upang itigil na ang himagsikan at manumbalik ang kapayapaan sa Pilipinas.

Ang mga sumusunod ay siyang nilalaman ng nasabing pakto: (1) Pagsusuko sa mga armas ng mga manghihimagsik at paggagawad ng kapatawaran sa lahat ng mga nagkasalang pulitiko; (2) Ganap na pagbabago sa pamamalakad ng pamahalaang bayan at lalawigan; (3) Pagpapatapon sa ibang lupain kay Heneral Emilio Aguinaldo at sa mga nagnanais sumama rito; (4) Pagbabayad ni Aguinaldo ng halagang ₱400,000 sa sandaling makarating sila sa Hongkong ni Miguel Primo de Rivera, na kasama ng mga manghihimagsik; (5) Pagpapaluwal ng halagang ₱200,000 kay Aguinaldo, sa sandaling maisuko ng mga manghihimagsik ang may 25,000 riple.

Matapos basahin ni Aguinaldo ang nilalaman ng pakto ay sumang-ayon agad sa lahat ng mga itinatadhana ng kasunduan, at inatasan ang kanyang pangkat upang magsipaghanda sa gagawin nilang paglisan sa sariling bayan.

Noong Disyembre 30, 1898 ay nilisan nina Aguinaldo ang Biyak na Bato at sila ay nagtungo sa bayan ng Sual, lalawigan ng Panggasinan, upang mula doon ay sumakay ng bapor na siyang maghahatid sa kanila sa Hongkong. Sa paglalakbay na iyon ay nakasama si Pedro A. Paterno.

Nang dumating sa Hongkong ang pangkat ay biglang nagtalo-sira sa kasunduan si Primo de Rivera na siyang kumakatawan sa bansang Espanya. Kaya ang pangkat ay muling nagsibalik sa kanilang sariling bayan noong mga unang araw ng Enero, 1899.

Noong Marso ng taon ding yaon ay bumagsak sa kamay ng mga Amerikano ang bayan ng Malulos. Inilipat ni Aguinaldo ang kanyang pamahalaan sa bayan ng San Fernando, Pampangga, at pagkatapos ay muli iyong inilipat sa San Isidro Nuweba Esiha, nang ang kanilang pamahalaan ay magipit ng mga kaaway sa San Fernando.

Hindi nagluwat at dumating sa Pilipinas ang *Schurman Commission* na itinalaga ng Pangulong McKinley upang gumawa ng pag-aaral sa kalagayan ng Pilipinas at maihanda ang bansa sa pagkakaroon ng pamahalaang sibil. Ang nasabing komisyon ay binubuo nina Jacob Gould Schurman, Pangulo, Charles Denby, Ellwood S. Otis, Dean C. Worcester, at George Dewey, mga kagawad. Ang layunin ng nasabing komisyon, bukod sa mga nabanggit na, ay sakupin ang Pilipinas at pasukan ng pagbabago ang kinagawiang pamamahala ng mga Kastila, nguni't kailan man ay hindi nababanggit ang tungkol sa kalayaan ng mga Pilipino.

Ang pangulo ng komisyon ay nakipagtalastasan kay Mabini, na nang mga panahong yaon ay siyang pangulo ng gabinete ni Heneral Emilio Aguinaldo. Nang mabatid ni Mabini na hindi nasasaad sa magandang layunin ng mga Amerikano ang tungkol sa kalayaan ay hindi sumang-ayon sa inilalapit ng mga Amerikano. Noong ika-15 ng Abril, 1899 ay muling nanawagan si Mabini sa lahat ng mga mamamayan at kanyang ipinahayag na ipagpatuloy ng mga Pilipino ang pakikidigma laban sa mga Amerikano.

Nang mga huling araw ng Abril, ang pamahalaan ng mga manghihimagsik ay muling nakipag-unawaan sa bumubuo ng *Schurman Commission* sa pangunguIo ni Koronel Arguelles. Sa pagkakataong ito ay muling tumanggi ang mga kagawad ng Komisyon at sinabing ang tanging maipagkakaloob ng bansang Amerika ay ang karapatang makapamahala sa sarili ng mga Pilipino.

Iminungkahi ni Mabini na itigil sandali ang labanan upang malaman ng pamahalaang Pilipino kung sasang-ayon ang mga mamamayan sa alok ng mga Amerikano. Nguni't iyon ay matigas na tinutulan ni Heneral Otis.


Sa kabilang dako ay unti-unting nahikayat sa alok ng mga Amerikano sina Pedro A. Paterno at Felipe Buencamino. Nagkasalungatang mabuti sina Paterno at Mabini tungkol dito. Marami sa mga kinatawan ng Kongreso ang salungat din sa kanya.

Noong ika-7 ng Mayo, 1899, sa malabis na pagtataka ni Mabini ay tumanggap siya ng liham mula kay Heneral Aguinaldo na nagpapatalastas na isinasalin ng Heneral ang pangungulo sa gabinete kay Pedro A. Paterno, sapagka't sa malas ay tila sang-ayon din si Aguinaldo sa alok ng mga Amerikano. Si Mabini ay maluwag sa loob na nagbitiw sa kanyang tungkulin.

Ang pagpapalit ng gabinete ni Aguinaldo — mula kay Mabini at pagkatapos ay kay Paterno — ay naging lubhang makasaysayan sa pulitika ng Pilipinas, sapagka't iyon ang naging kauna-unahang pagsasalin ng kapangyarihan sa isang pangkat mula sa isa nang walang kaguluhang naganap.

Nang maitatag na ang pamahalaang sibil ng Amerika, si Pedro A. Paterno ay isa sa mga naging kauna-unahang mambabatas na umupo sa lehislatura. Iyon ay bilang pagkilala sa kanyang mga pagsusumikap na maitatag sa Pilipinas ang pamahalaang sibil ng Amerika na siyang pangunahing layunin sa pagkakaparito ng mga bumubuo ng *Schurman Commission.*

Sa panunungkulan ni Paterno sa lehislatura ay



Makikita sa larawan sa itaas ang tren na siyang naghatid kina Heneral Aguinaldo at Dr. Paterno sa bayan ng Sual. Mula sa Sual ay sumakay ang pangkat sa bapor na patungong Hongkong bilang pag-alinsunod sa "Pakto ng Biyak na Bato".



Isang makasaysayang larawan ng ating mga bayani. Nakaupo, mula sa kaliwa, sina Dr. Pedro A. Paterno at Heneral Emilio Aguinaldo. Nakatayo, mula sa kaliwa, ay sina: Isabelo Artacho, Baldomero Aguinaldo, Severino de las Alas, Antonio Montenegro at Vito Belarmino.

# ito ang istorya...

ni YOYONG FLORENCIO




*APRUBADO, lahat nang tao'y gustong tumama sa* swipisteyks. *Baka sa sampung tanungin ninyo ng kung gusto niyang tumama sa* pistek *(ayon kay Ba Uyong) ay dalawampu ang sumagot ng* s'yempre naman. *At seguro, sa aming nayon lang kayo makakakita ng i s a n g taong ayaw makadisgrasya sa ayon naman kay Ka Monang ay d'yasking* pistek-pistek.

*Alam ba ninyo kung sino siya? Walang iba 'kundi si Gundong.*

*Kung kilala ninyo si Gundong, magtataka naman kayo. Pagka't tumama na si Gundong sa pis*tek. *Primera premyo pa. Nguni't makaraan ang ilang taon matapos tumama si Gundong ay isinumpa na niya ang* pistek.

*Ipagtanong n'yo kung bakit nagkagano'n si Gundong at marami kayong maririnig na istorya, gaya nito . . .*

## APAT NA ISTORYANG GINTO

Walang pinag-iwan sa pagsabog ng Ikalawang Giyerang Pangmundo, sumambulat ang balita sa aming baryo —tumama si si Gundong ng permera este primera premyo sa *supistek* (Lekat dumarami 'atang t a w a g sa *sweepstakes*). At palibhasa'y napapahiya ang marami na magtanong kay Gundong ng tungkol sa kanyang pagtama at baka raw masabing gusto lamang nilang makibalato, pakiramdaman na lamang ang nangyari. Titingnan daw nila kung magbubuhay-mayaman si Gundong.

Ilang araw pa, nagpagawa na nga ng bahay na malaki sina Gundong. Bahay na dahil sa kalakihan ay lumampas sa sukat ng kanilang lote at napilitan tuloy na maglipat ang iskuwater na sina Masong. Bumili sila ng dyip na pampasahero para sa panganay nilang anak na si Teryo. Maliit pa raw si Teryo ay mahilig nang magtsuper. Nagpaaral ng anak sa Maynila. Nagtayo ng tindahan gayong nagkakasiksikan na ang mga tindahan sa nayon. Ibinili ng tig-iisang bisikleta ang kanyang mga anak. Nagsimulang magbihis ng mga damit na sa Eskolta pa raw binili. At dumami ang kanilang mga kakilala.

Anopa't sa loob ng mahigit na isang buwan lamang buhat nang mabalita ang kanilang pagtama sa pistek ay nagmistulang mayaman sina Gundong. Nagpakulot ng buhok si Taking na asawa niya. (Sa kadalasan ng pagpapakulot ni Taking ay nagmukhang ita raw.) Nagbaiba ng gupit si Gundong at gumamit ng salamin at kuwako. Umisputing na mabuti si Teryo. Sumunod sa moda ang mga anak nilang babae. Dinaig pa nina Gundong sina Alkalde.

Dahil sa lumaki ang kanilang bahay at kung bakit naman kung kailan sila yumaman ay naging tamad ang kanyang mga anak, napilitan si Gundong na kumuha ng alila. Sila lamang ang nag-alila sa baryo. Mayro'ng tagalaba, may tagaluto, may tagalinis. May natanggap pa raw si Gundong na hardinero gayong wala naman silang hardin. Sa kapiraso nilang tumana raw tuloy napunta ang pobre.

Mayaman na sina Gundong sa maikling salita. At yumabang pa.

Narito ang mga *eksampol* kung bakit nasasabi ng mga taga-baryo na yumabang ang pamilya ni Gundong:

Si Teryo na siyang nagmamaneho ng dyip nilang pampasahero ay kaskaserong tunay. At ang siste, namimili raw ng pasahero. Laging humahagunot ang dyip. Tila laging may kalaban sa karera. May pagkakataon pa raw na kahit nagpapatakbo ng dyip ay umiinom si Teryo ng kola-kola.

Ang asawa naman ni Gundong na si Taking ay lagi raw nakasalamin ng de-kulay. Kahit gabi raw ay nakasalamin. Kahit daw malamig ay de-abaniko. Daig pa raw ang asawa ng alperes, ayon kay Ka Kune, kung makapustura at makaarte si Taking.

Si Gundong, kahit daw hindi naman talagang malabo ang mata ay kung bakit nagsalamin din. Palibhasa'y mataba, doble na raw kung bumayad sa mga dyip. Nagagalit pa raw kapag tinatanggihan ng tsuper ang labis sa kanyang bayad. At ang masaklap, para kay Taking, nagbinata raw muli si Gundong.

Ang mga anak na babae ni Gundong? Terible raw! Panay daw ang hingian ng pangmatrikula (matrikula raw sa sine). Makaitlo raw sa isang araw kung magsipagbihis. May mga pulseras pa raw sa mga paa! (Inang!) Ayaw raw lumabas ng bahay kapag mainit ang araw. At marami pa .

Ang kanilang mga istorya . . .

### *Dinayang Pagmamahal*

Isang araw ay nag-iiyak si Taking. May nabalitaan daw tungkol kay Gundong. Nananangis daw na mabuti nang dumating si Gundong.

Ang sabi raw ni Gundong: —Alam mo na pala.

Nagmaang-maangan pa raw si Taking pagka't ibig makatiyak: —Alin ang alam ko na pala? —ang sabi raw ni Taking.

—Ngayon ko napatunayang sadya tayong hindi magkapalad.

At umalis daw si Gundong. Kinabukasan ay muling nagbalik. Lulugu-lugo.

Ang sabi raw kay Taking: —Patawarin mo ako, Taking. Hindi ko akalaing ang nasamahan ko pala'y holdaper. Ako ang kasama, ako ang hinoldap.

Kahit galit na galit daw

(*Buklatin sa pah.* 20)

nagpamalas siya ng katalinuhan sa kanyang mga kapuwa mambabatas. Ang kislap ng kanyang diwa b i l a n g mambabatas ay muling natampok.

Nang matapos ang panunungkulan ni Paterno bilang mamababatas ay naglingkod naman siya sa paghayagang *El Renacimiento* at *La Cultura*. Sumulat din siya ng mga aklat na pampaaralan para sa Liceo de Manila, na hanggang ngayon ay ginagamit pa.

Dahil sa mga nagawa at naiambag ni Dr. Pedro A. Paterno sa ating bayan ay pinangalan sa kanyang karangalan ang isa mga lansangan sa purok ng Kiyapo.

—oOo—

*Kapag sumanib kayo sa Krus na Pula, pinaglilingkuran ninyo ang naghihirap at nalulugami. Sumanib at maglingkod — mag-abuloy sa Krus na Pula!*

## Pagbabalik Ng ...

(*Buhat sa pah.* 13)

ang kamatayan nito ay hindi pa rin ipinamamalay ni Chedeng kay Lito. Bata pa si Lito at ayaw niyang makaranas ito ng hapdi ng kaloobang dulot ng kabiguan sa pag-asam sa muling pagbabalik ng ama. Kapag ganap na ang isip ni Lito ay saka niya ipagtatapat sa anak ang katotohanan.

PATULOY na ginaygay ni Chedeng ang hanay ng mga nagtitinda sa Dibisorya. Napansin ni Chedeng ang pagkukumahog ng ilang may puwesto sa pagpipinid ng kanilang tindahan. Hindi man sabihin sa kanya ay para na niyang nahuhulaan ang dahilan ng gayong magagang pagpipinid. Kalat na ang balitang maaaring pumasok sa lunsod ang mga Amerikano sa hapong iyon.

Isang pasiya ang nabuo agad sa isip ni Chedeng. Ipagpapalit na niya ang kuwintas. Kailangang makapag-imbak sila ng pagkain. At sa isang bukas pang tindahan ay lumapit siya.

Nguni't nang sasabihin na lamang niya ang kanyang nais, minsan pang napagmalas niya ang hawak na kuwintas. Parang may isang lakas na pumigil sa kanya upang ituloy ang kanyang balak. Ang

(*Buklatin sa Pahina* 19)

(Ika-27 Labas)

NANG mga sandaling yaon ay natagpuan na rin ni Eddie si Aida, na gaya ni Chit, ay nagpakaiwas-iwas sa binata. Kinailangang pigilin ni Eddie si Aida sa isang kamay upang pansinin siya nito.

—Utang na loob, —nausal ni Eddie habang nagpipiglas si Aida sa pagkakapigil niya.

—Hindi pa ba sapat ang mga ginawa ko upang ganap mo na akong layuan? —basag ang tinig ni Aida.

Binitiwan ni Eddie ang kamay ni Aida. Matagal siyang nag-isip na parang tinitimbang ang isasagot kay Aida. Nakatalikod siya sa dalaga nang mangusap. —Kung ginawa mo sa akin ang mga pag-iwas at p a g l a y o upang pasakitan ako, labis-labis, Aida; nguni't kung para layuan kita, kahit sanlibong ulit pang gawin mo'y mabibigo ka...

Si Aida'y matagal ding nakasagot. —Sino ang nagpapasakit? —Nanunumbat ang kanyang tinig.

Kagyat na nagunita ni Eddie ang isang tagpo sa kantina ng kanilang eskuwelahan: Si Chit at siya, habang masayang naguusap. At si Aida, lumuluha. At saka niya nadama ang panunumbat ng tinig ni Aida. Paulit-ulit niyang naisip ang sinabi ni Aida, ang himig ng pagkakabigkas niyon: *Sino ang nagpapasakit?* Ilang saglit pa'y natagpuan na lamang niya ang sarili na pigil ang yumayanig na mga balikat ni Aida.

—Kailan man ay hindi ko naisip ang pasakitan ka, Aida. At kung gagawin ko man, disi'y lumayo muna ako, itinakwil sana muna kita... Nguni't, —napisil ni Eddie ang yumayanig pa ring balikat ni Aida... —narito ako... Sa kabila ng lahat, Aida, narito ako.

—Halatang-halata rin, Ramon.

—Ang mabuti'y umuwi na tayo. Huwag na tayong pakita sa ating mga kasama.

Si Chit ay napaisip.

—Iiba tayo ng daan hanggang sa makarating sa *highway*. Tiyak na may masasakyan na tayo pagdating doon. Madali nang umuwi.

—Pero, hindi ako makauuwi nang hindi kasama si Aida, —pagdadahilan ni Chit. —Kaya lamang ako pinayagan ng Mama nang hindi kasama ang kapatid ko'y dahil sa sinabi kong si Aida nga ang kasama ko. At si Aida nahinala ang gayon sa kanyang mga tiyuhin.

—Madali naman nating maipaliliwanag sa kanila ang lahat, Aida, —mandi'y nauunawaan ang iniisip ng kaibigan ay nasabi ni Chit.

—May katibayan kayo, Aida, —katig pa ni Ramon kay Chit, —ang baro ni Chit.

Hindi rin nakahuma si Aida. Nguni't ang kanyang mga mata'y nagpapahiwatig ng pagtutol.

—Alam ko na ang dahilan, —nasabi ni Eddie nang maluwatan. —Maging malisyoso sa atin ang mga kaklase nila, Ramon.



# DAMBANA AT *Pangako*

*nina* MARTIN P. PANTALEON *at* GREGORIO R. FLORENCIO

**ANG PAG-IBIG AY KATULAD NG MALINIS NA TUBIG SA ISANG BUKAL — DI MAIWASAN NG MGA PUSONG NAUUHAW**

Ang pagkakaunawa ni Aida ay nahayag kahit hindi siya nangusap. Unti-unting humupa ang kanyang paghikbi.

—Hindi mo ginawa ang lahat upang pasakitan ako, ni upang layuan kita, Aida? —patanong na wika ni Eddie.

Tumango si Aida.

Unti-unting napangiti si Eddie. —May ibang dahilan?

M u l i n g tumango si Aida: —Natakot akong tapusin nila ang lahat sa atin. Maaaring pag natiyak nila ang pagkakaugnayan natin ay sapilitan na nila akong ipakasal kay Luis.

Natawa si Eddie, marahan. Nguni't sapat yaon u p a n g makaunawa si Aida. At naramdaman ni Eddie na dumantay ang mga palad ni Aida sa kanyang mga kamay.

—Hindi ko mapababayaang gawin nila ang gayon, Aida.

MULA sa isang batisan ay magkahawak-kamay na umahon sina Chit at Ramon. Halatang hinugasan nila ang kanilang mga damit. Basang-basa. Nguni't may mga bakas pa rin ng kumulapol na putik.

Nang makaahon sa tibag ng batis ay buong pag-aalalang sinipat-sipat ni Chit ang basang-basa niyang damit. Naman ay gayondin, pinayagan siya dahil kasama ako.

—E, di hanapin natin sila at yayain na, —sagot ni Ramon.

Pakubli-kubling hinanap nina Ramon at Chit si Aida. Nang magkatagpu-tagpo sila at masabi nina Ramon ang nangyari'y gayon na lamang ang pagtatawanan nina Eddie at Aida. Tuksuhan at biruan ang namagitan sa apat. Ang pagtatawanan nila'y nagpahayag ng kaligayahang pumupuno sa kani-kanilang mga puso.

Nguni't sa pagkakatuwaan ng apat ay wala silang kamalay-malay na may mga matang buong paghihimagsik na nakatitig sa kanila. Sumusubaybay sa kanila ang mga matang yaon sa bawa't sandali...

Ang pagkatuwa ng apat ay napawi nang imungkahi na ni Chit na umuwi na sila. Napag-isip-isip ni Aida ang lahat. Kung uuwi sila ni Chit ay hindi maaaring isama rin nila sina Ramon at Eddie. Hindi naman sila makauwi nang hindi kasabay ng kanilang mga kasama. Lalong hindi maaaring umalis sila nang lingid sa kaalaman ng kanilang propesor. Magiging kahi-

—E, di umuwi tayo nang hindi nila nalalaman, —ani Ramon.

—Hindi maaari, —sambot ni Aida. —Hahanapin kami ni *Sir*. At baka hindi sila mapalagay kung malamang wala kami ni Chit. —Bumaling si Aida kina Eddie at Ramon. —Tiyak na hahanapin din kayo.

Si Ramon ang sumagot. —A, wala kayong aalalahanin sa amin. Pumuslit lang kami at walang nakaaalam na kasama kami maliban kay *Mr.* Reyes.

—Kakausapin ko si *Mr.* Reyes, —sagot ni Eddie. —Propesor din ninyo siya, hindi ba? Ako ang bahala.

Matagal bago nagbalik si Eddie. Masaya siya.

—Ano'ng sabi, Eddie? —nananabik na tanong ni Chit.

—Nilihim ko siya, sinabi ko ang katotohanan, —paliwanag ni Eddie. —Nangako siyang lilihimin din niya ang iba pang propesor. Wala raw makahahalata ng ating pag-alis. Siya raw ang bahala sa lahat.

Nasisiyahang nagkatinginan sina Chit at Aida.

—Hiniling lamang niya na huwag na raw tayong

(*Buklatin sa pah.* 20)






(Ika-9 na Labas)

NAKINIG na mabuti si Mang Karyas. Galing sa silangan ang hangin, at malinaw niyang naririnig ang abut-abot na yabag ng mga paa. Maraming tao ang naglalakad sa lansangang pambansa. May narinig pa siyang sumigaw. Hindi niya naunawaan ang sinabi niyon. Tila banyaga ang pangungusap. At nahulaan na niya; kaypala'y mga Hapones ang nangagdaraang iyon. Kahit pala gabi ay nagsisilakad ang mga iyon.

Matagal din siyang naghintay bago napawi ang naririnig niyang dagasa ng mga paa. Naghintay pa siya uli. At nang makaraan ang mahigit na labinlimang minuto na wala siyang naririnig na anoman ay nagpatuloy siya sa paghuhukay.

HINDI pa nakakatulog si Mario. Batid niyang wala ang kanyang ama, nguni't hindi siya naguusisa sa kanyang ina. Narinig niyang itinanong ni Victor kangina sa kanyang ina kung saan nagpunta ang kanilang ama, at ang sagot ng kanyang ina: —Matulog na kayo. May pinuntahan lamang ang ama mo. Darating na iyon mayamaya.

Nararamdaman ni Mario na tulog na ang kanyang mga katabi. Naririnig niya ang marahang paghihilik ng kanyang ina. Hindi na dumaraing si Aling Sinay. Sandali pang nakiramdam si Mario, at nang siya'y masiyahan ay maingat na bumangon. Dahan-dahan siyang nanaog sa kubo, at makasandali pa'y na sa bungad na siya ng landas na patungo sa nayon.

Parang nahuhulaan na niya kung saan nagpunta ang kanyang ama. Batid niyang hindi niyon matitiis na di alamin kung ano ang nangyari kay Tandang Andres. Kaypala'y na sa gulod ang kanyang ama, sa tahanan ng matanda.

Matagal na tumayo si Mario sa puno ng landas. Sinanay muna niya ang kanyang paningin sa dilim bago siya lumakad. Natatandaan niya ang landas na tinalunton nila nang sila'y magpunta sa ilog, at sa palagay niya'y hindi siya maliligaw. At nagtumibay ang pasiyang kangina pa nabuo sa kanyang isip: pupunta siya sa gulod.

Matutulin ang hakbang na tinalunton niya ang landas. Malamig ang simoy ng hangin, at nakadama siya ng pagkaginaw. Nguni't hindi niya iyon ininda. May isang damdaming nagbabangon sa kanyang dibdib. Katulad din iyon ng damdaming napupukaw sa kanya kung nilalabag niya ang mga bilin ng kanyang ama noong sila'y na sa Maynila pa. Yaon din ang damdaming nadarama niya kung siya'y nauupo sa baybayin ng look, sumasamang maglimayon sa mga kapuwa bata, o di kaya'y lumalaban ng sugal. Para sa kanya, ang damdaming yaon ay singkahulugan ng paglaya... ng pagtakas...

Narinig niya ang huni ng isang panggabing ibon. Napagispisan pa siya sa ulo nang mágdaan iyon sa kanyang tabi. Parang biglang tumayo ang kanyang buhok. At napatawa pa siya sa sarili nang maisip na marunong din pala siyang magulat. Binilisan niya ang paglakad. Isinuntuk-suntok pa sa hangin ang mga kamaong kinuyom nang mahigpit. Ngayon ay may nadarama siyang kalakasan sa pakikipagsapalarang ito. At naisip niyang sa piling ng kanyang mga magulang at kapatid ay hindi niya kailanman nadama ang kalakasang yaon. Ang mahigpit na pagpapasunod ng kanyang ama, ang laging pag-aapura nito, ang mga ginagawa niyang sa sukatan ng kanyang mga magulang ay kulang pa, ang lagi niyang naririnig na paghahambing ng kanyang ama sa kanya at sa dalawa niyang nakababatang kapatid — yaon ay nakapagpapadama sa kanya ng kahinaan. At ayaw niyang ituring na siya'y mahina. Nais niyang ipakilalang siya'y malakas, at ang gayon ay natutupad sa pamamagitan lamang ng paglabag niya sa mga tuntuning pang-ugali na itinatakda ng kanyang ama sa kanilang magkakapatid.

Isinisipol pa ni Mario ang isang tugtuging natutuhan niya sa paaralan nang matanawan na niya ang gulod na isang maitim na umbok sa kadiliman. Naanyuan niya ang bahay ni Tandang Andrés.

—Saan kaya naroon ngayon ang matanda? —naitanong niya sa sarili. —Sa gulod nga kaya nagpunta si Tatay?

Binilisan niya ang paglakad. Paakyat na siya sa gulod nang makarinig siya ng abut-abot na yabag sa lansangang pambansa sa gáwing silangan. Siguro'y iyon ang mga Hapon, naisip niya, at may nadama siyang isang bagong anyaya ng pakikipagsapalaran. Sa halip na magpatuloy na umakyat sa gulod, tinalunton niya ang makitid na landas na lumuluwa sa daang pambansa.

Habang nalalapit siya sa daan, palakas naman nang palakas ang mga yabag na naririnig niya. May naririnig pa siyang sigaw na hindi niya maunawaan. Kaypala'y iyon nga ang mga Hapon, muli niyang naisip.

Sinisikap ikubli ang katawan sa malagong damong sumisibol sa tabi ng landas, pasubuk-subok siyang nagpatuloy sa paglakad. Nang malapit na sa daan ay nangubli siya sa isang kalumpon ng talahib. Naanag-agan niya ang mga anino ng mga nagdaraan sa lansangang pambansa. Malakas ang pintig ng kanyang puso habang pinanonood niya ang mga iyon. Nguni't wala siyang nadaramang takot. Ang malakas na kaba ng kanyang dibdib ay bunga ng damdamin ng pakikipagsapalarang nag-aalimpuyo sa kanyang katauhan.

Maraming sandali ang nagdaan bago nakaraan ang mahabang pulutong ng mga Hapones. Palayo nang palayo ang mga yabag na naririnig ni Mario. At nang mapawi na iyon sa kanyang pandinig, saka lamang siya umalis sa pi-

**ANG KATAUHAN NI MARIO AY HINUHUBOG NG DALAWANG LAKAS NA DI NIYA MAPAGLABANAN — NG KANYANG AMA AT NG NAGAGANAP NA MALULUBHANG PANGYAYARI**

nangungublihan. Tinalunton niya ang landas na pabalik sa gulod.

Nguni't bigla siyang napatigil. May narinig siyang malalakas na bagsak ng kung anong bagay na tila inihahataw sa lupa. Inulinig niya iyong mabuti. Nakiramdam siya. Tila may naghuhukay. Tinalunton niya ang pinagmumulan ng tunog na yaon. Nang mapalapit siya sa punong dapdap ay naanag-agan niya ang anino ng isang lalaking naghuhukay. Lumapit-lapit pa siya, at nakilala niyang iyon ang kanyang ama. Hindi niya iyon inabala bagama't pinagtakhan niya ang ginagawa ng kanyang ama. Nagtungo siya sa kinaroroonan ng bahay ni Tandang Andres, at nangubli sa silong.

Matagal bago nawala ang naririnig niyang mga bagsak ng panghukay. Pamayamaya'y nakita niyang dumarating ang kanyang ama. Patungo iyon sa bahay. Pasan ang panghukay. Payukong pumasok sa silong ng mababang bahay ang kanyang ama. Nagpakaliit-liit siya sa sulok. Hindi siya makakilos sa pag-aalaalang makalikha ng ingay na makaaakit ng pansin ng kanyang ama. Nguni't hindi niya akalaing sa gawing kinaroroonan niya itatabi nito ang patik. Sanay na sa diilm ang paningin ng kanyang ama, at naanag-agan siya nito.

—Sino ka? —mabalasik na tanong ng kanyang ama, at iniamba ang patik.

—Tatay! Huwag! Ako po! —pabiglang sigaw ni Mario.

Napatigil sa hangin ang patik na iniambang ihataw ni Mang Karyas. —Ikaw nga ba, Mario? —tanong nito.

—Ako nga po, Itay.

—Lumabas ka riyan, —sabi ni Mang Karyas matapos ilapag ang panghukay.

Kasunod na ni Mang Karyas si Mario na lumabas ng silong.

—Ano'ng ginagawa mo rito? —tanong ni Mang Karyas sa anak nang sila'y na sa harapan na ng bahay.

—E. . .wala po, Itay. . .

—Wala! —Hindi napigil ni Mang Karyas na mapalakas ang kanyang tinig. —E, ano'ng nakain mo't naparito ka?

—Ibig ko lang. . . ibig ko lang malaman kung ano'ng nangyari kay Ingkong Andres. . .

Hindi agad nakapagsalita si Mang Karyas. Nagpupuyos ang kaloobang natingnan niya ang anak.

—Talaga kang. . . talaga kang napakasalbaheng bata! —pamayamaya'y nawika ni Mang Karyas. —Wala ka nang ginagawa kundi suwayin ang bilin ko. Sinabi ko nang hindi ka dapat pumarito. Mapanganib sa lugar na ito. Naiintindihan mo ba? —Muling napalakas ang pagsasalita ni Mang Karyas.

Nakadama ng paghihimagsik si Mario. Paano niya maipaliliwanag sa ama ang nadarama niyang pagbabago ng damdamin kapag ganitong sinusuway niya ang mga bilin nito? Siya man sa kanyang sarili'y hindi niya maunawaan kung bakit siya gayon. Para bang ang ganitong mga ginagawa niya ay nakapagpapadama sa kanya ng paglaya, ng kalakasan.

—Pero. . . basta. . . gusto kong gawin ito, Itay. . . —nasabi na lamang ni Mario, at bilang tugon ng ama ay naramdaman niya ang masakit na pagpingol nito sa kanyang tainga.

—N a p a k a w a l a n g-hiya kang anak! —galit galit na wika ni Mang Karyas. —Akala mo ba'y mabuti ang ginagawa mo? Hindi mo ba nalalamang oras-oras ay nagdaraan ang mga Hapon? Alam mo ba kung ano ang nangyari kay Tandang Andres? Patay na siya. Binaril ng mga Hapon. Siya ang inilibing ko ngayon kaya naghuhukay ako kangina.

Napipi si Mario.

—Tayna, —w i k a ni Mang Karyas. —Hindi tayo dapat magtagal dito.

Magkasama nang lumakad ang mag-ama. Wala silang imikan. Hindi na paglaya at kalakasan ang nadarama ni Mario ngayong lumalakad na silang pabalik sa ilog. Hindi niya kailanman nadama yaon sa piling ng kanyang ama. Ang kahigpitan at mga pagbabawal nito ay nakapagpapadama sa kanya ng kahinaan. At parang ibig niyang mamuhi sa kanyang ama. Nguni't batid naman niyang hindi niya ito maaaring kamuhian. Mahal niya ang kanyang ama.

DINATNAN nilang gising at balisa si Aling Inggay nang sila'y makarating sa kanilang kubo sa tabing ilog. May sindi ang ilawang gasera.

—Saan ka ba nanggaling bata ka? —Mangiyak-ngiyak ang tinig ni Aling Inggay.

—Aba, e sumunod pala sa akin ang tinamanang lintik na iyan! —Si Mang Karyas ang sumagot. —Talagang iyang anak mo . . . oo. . . mapapatay ko iyan sa palo kung hindi ako magpipigil, e. . .

—Nagsindi ako ng ilaw kanginang magising ako, —wika ni Aling Inggay. —Ibig kong makita kung nakahiga ka na. Baka 'ika ko dumating ka na. Pero nakita kong wala sa kanyang higaan si Mario. Nabalisa nga ako pagka't hindi ko malaman kung saan nagsuot. Naghintay na ako nang naghintay e, hindi na dumating.

—Patayin mo iyang ilaw, —utos ni Mang Karyas sa asawa. —Sabagay e hindi na naman siguro makararating dito ang mga Hapon. Pero iba na ang nag-iingat.

Sinunod ni Aling Inggay ang bilin ng asawa.

—Mahiga ka na, —utos ni Mang Karyas kay Mario nang maghari ang kadiliman sa loob ng kubo.

Matagal nang nakahiga si Mario ay hindi pa siya nakakatulog. Naririnig niyang laging kumikilos sa pagkakahiga ang kanyang ama, at batid niyang hindi pa rin ito nakakatulog. Nakadarama si Mario ng di-mawaring pagkabalisa. Paulit-ulit na bumubulong sa kanyang isipan ang mga salitang "Patay na si Ingkong Andres. . . Patay na. . ." At hindi niya nauunawaan na ang karanasang tinamo niya nang gabing ito ay malilimbag nang malalim sa kanyang katauhan. Kaypala'y malilimot niya yaon, nguni't ang mga pangit na tatak ay mamamalaging nagkakanlong sa pinakaliblib na sulok ng kanyang sarili at makapangyayari sa kanyang ikinikilos at ikikilos pa sa haharapin.

(ITUTULOY)

——oOo——




### *walang-turing*

*sino ka mang anak: ang ina mo'y hayan*
*at naghihinagpis sa harap ng bangkay;*
*ang bangkay — tingnan mo't iyo ring kariktang*
*sinakit makita'y ikaw ang pumatay.*

*di mo na nilingong siya ay nagpuyat,*
*ikaw'y nilimliman ng maputing pakpak;*
*"sa taguring bunso't" di-likong pagliyag,*
*binuksan sa iyo'y daang mabulaklak.*

*ang kanyang kahapong tinuntungang bato,*
*nadurog sa bigat ng pagkaligaw mo;*
*ang pinag-ingatang laurel sa noo,*
*di mo pinagyama'y pamana sa iyo.*

*ikaw'y binalutan ng ginto sa dibdib,*
*nasilaw sa tanso'y ito ang dinamit;*
*gayong inilawan ang iyong daigdig,*
*nagpakatisod ka sa gawing matinik.*

*inasahang ikaw ang magiging aliw*
*sa mga sandali ng kanyang panimdim—*
*ang kanyang pangarap sa halip tugunin,*
*iyong inukulan ng "walang-pagtingin."*

## Pagbabalik Ng . . .

(*Buhat sa pah.* 16)

mahalagang alaalang yaon na iniwan sa kanya ni Lauro ay hindi makakatumbas ng gaano man karaming pagkain. Ang kahalagahan ng kuwintas na iyon sa buhay nilang mag-ina ay di mapapantayan ng limpak-limpak mang salapi.

Pagkaraan ng ilang sandaling pagkakatigagal, nasumpungan ni Chedeng na lumalakad siyang palayo sa nilapitang tindahan. Hawak pa rin niya nang mahigpit ang kuwintas. Napatanaw siya sa dakong kanlurang nilulubugan ng araw na noon ay walang iniwan sa bolang apoy na maaaring sumiklab at magkalat ng lagim sa mga mamamayan sa Maynila nang hapong yaon.

May kilabot na kumalat sa buong katauhan ni Chedeng. Lalong sumidhi ang pangambang sumasaklot sa kanyang dibdib nang mapansin niya sa di-kalayuan ang nakahimpil na isang trak ng hapon na nababalutiang mabuti ng malalagong sanga ng punungkahoy. Nananamsam ng mga paninda ang mga hapones upang baunin marahil sa kanilang pag-urong kung sakaling dumating na ang pinanganganiban nilang sandali — ang pagpasok ng mga Amerikano sa lunsod.

Kitang-kita ni Chedeng ang pagbubunot ng bayoneta ng isang hapon nang tumanggi ang isang tinderang ibigay ang kanyang paninda sa nangungumpiskang mga hapones. Dali-dali siyang tumalikod at hindi na hinintay ang susunod pang mangyayari. Bumabangis ang mga hapones, naisaloob niya. At naalaala niya ang kanyang ina at si Litong naiwan niya sa bahay. May kapitbahay silang sibilyang hapones, si Sato. May baril si Sato pagka't naging kagawad ito ng Kempeitai. Baka kung ano nang gulo ang ginagawa ni Sato sa mga naninirahan sa kanilang pook. Kailangang makarating agad siya sa kanila upang kung ano man ang mangyari ay na sa piling niya ang kanyang mahal na anak at kaisa-isang magulang.

Napasiksik si Chedeng sa makapal na bakod na pader ng isang bahay nang dumaan sa kanyang ulunan ang isang eroplanong mababang-mababa ang lipad. Hindi nakaligtas sa kanyang paningin ang nakapintang pulang bituin sa pakpak niyon. Sumilay sa kanyang labi ang isang ngiti ng kaligayahan. Subali't dagling napalis ang ngiting iyon nang makarinig siya ng ilang putok buhat sa malayo. Naalaala na naman niya si Lito. At ang kanyang ina. At ang bumabangis na mga hapones. At si Sato.

Halos hilahin ni Chedeng ang kanyang sumasakit nang mga paa sa lakad-takbong g i n a w a upang makarating lamang sa kanila. Naabutan niya ang maglolang takot na takot na nakasiksik sa isang sulok ng bahay.

—Mabuti't dumating ka na, anak. Kanina pa nagpuputukan, a. Namamaril na yata ang mga hapon! —nanginginig sa takot na salubong ng kanyang ina.

—Namamaril na nga

# PAKANLURAN ANG MGA WEGON!

ni

WALT DISNEY








MANDRAKE ang SALAMANGKERO
mna LEE FALK at PHIL DAVIS
KAYONG TATLO ANG HULING PINAGPILIAN SA PANDAIGDIG NA TIMPALAK-KAGANDAHAN -- TATLO SA LIMANG MILYON.
BILANG TANGING NAGWAGI -- ANG PINAKAMAGANDANG BABAE SA DAIGDIG -- PINILI KA NG MGA TAGAHATOL, NARDA!
A-A-KO..? OHHHHH--
ALAM KONG MANANALO KA, NARDA.
NANGANGAHULUGANG MATATAMO NATIN ANG IKALAWA O IKATLONG GANTIMPALA -- PANGHABANG PANAHONG KABATAAN--
O LAHAT NG SALAPING MAGAGASTA SA BUONG BUHAY!
HINDI. SI NARDA LAMANG ANG NAGWAGI.
NANGAKO KA NG TATLONG GANTIMPALA.
PERO, MGA IHA-- HINDI NINYO BINASA ANG MALIIT NA PAUNAWA. SINASABI RITONG "ISANG TANGING MAGWAWAGI."
MANIWALA KAYO-- SINASABI NG UTOS SA AKIN-- 'ISANG TANGING MAGWAWAGI'-- NAGUGULUHAN DIN AKO-- ARAY--
ANO ITO?
HUWAD.
MAGDARAYA.
© 1956, KING FEATURES SYNDICATE, Inc., WORLD RIGHTS RESERVED.

# señor MISERABLE


Nobela ni PATROCINIA R. MARCELINO
Guhit ni ELMER E. ESQUIVIAS

IKA-32 labas
Ang nakaraan —

DAHIL SA PAGKAKAPATAY NI DANIEL SA ILANG KAWAL HAPONES SA BAKURAN NI AUGUSTO, MINARAPAT NITONG UMALIS SA POOK NA YAON. NAG-AALAB ANG GALIT KAY DANIEL AT MASAMA ANG LOOB SA DALAGANG AMPON, SIYA AT SI LOLITA'Y PUMASOK SA PUSOD NG ISANG MALAKING GUBAT AT DOON NAGTAYO NG KUBO. KATATAPOS PA LAMANG NIYON NANG BIGLANG NANAKBONG PAALIS SI LOLITA, NA BALAK PUNTAHAN ANG DATI NILANG KUBO UPANG MAKIPAGKITA KAY DANIEL AT SABIHIN DITONG LUMIKAS NA SILA NG AMA-AMAHAN.




TARZAN
®
EDGAR RICE BURROUGHS
MAY DALAWAMPUNG KABAYUHANG MANDIRIGMA ANG PUMALIGID KAY TARZAN AT SA KANYANG MGA KASAMA.
HINDI TUMUTOL SA PAGKAKAHULI, SINA TARZAN, WALTER KEYS AT JOE RICE AY KUSANG NAPADALA SA ISANG BAYAN-BAYANAN, SA PAG-ASANG MATUTUNTON ANG MAHIWAGANG REYNA.
SINAMAHAN SILA SA PINAKAMALAKING KUBOL AT -- DOON AY MAY NAKAUPO NGANG MAALINDOG NA BABAE!
NGUMITI ANG REYNA SA NAKILALANG PANAUHIN, "AHA, TIYO WALTER, ANO ANO ANG DAHILAN NG PAGKAPARITO NINYO?"
Distr. by United Feature Syndicate, Inc.
LUMUNOK SI KEYS. "KATHY, IKAW NGA BA? NATATANDAAN KITA BILANG ISANG MUSMOS."
DICK VAN BUREN
JOHN CELARDO
12-2
1343
"KUNG GAYON," DUGTONG NI KATHY, "NATATANDAAN MO RIN ANG PAGSUMPA KO SA IYO SA PAGMAMALUPIT MO SA AMING MAG-AANAK!"


"Remember Me"
(Alaala Kita, Mahal Ko...)
UNANG LABAS
NAGSISIMULA ANG ATING KASAYSAYAN SA TAHANAN NINA DON FILEMON MIJARES, ISANG HAPON NG BUWAN NG MAYO...
ITO'Y KASAYSAYAN NG DAKILANG PAG-IBIG... NG WALANG KAPANTAY NA PAGMAMAHAL NG ANAK SA MAGULANG... NG SUKDULANG PAGPAPAHALAGA NG ISANG AMA SA PANGALAN NG KANILANG ANGKAN... NG MARAHAS NA PAGBABAKA NG ILANG KINAPAL SA PAGTATANGGOL NG KANILANG MGA KARAPATAN AT PANININDIGAN SA BAHAY, NA SA KABUUAN AY LUMIKHA NG ISANG KASAYSAYANG MATATANIM NANG MALALIM SA INYONG GUNITA!
KUNG GAYON AY DALAWANG MALAKING BAGAY ANG IPAGDIRIWANG NATIN SA LINGGO: ANG PAGTATAPOS NI LEANDRO SA KONSERBATORYO AT ANG PAGBUBUNSOD NG KANDIDATURA NG TIYO FILEMON SA PAGKA-SENADOR...
OO, LULU!... EWAN KO NGA BA SA TAONG ITO KUNG BAKIT PUMASOK NA NAMAN SA SAKIT NG ULO. HINDI NA NADALA GAYONG LAGI NAMANG TALO!
TALAGANG GANYAN LAMANG ANG PULITIKA, ANGELA... PARANG SUGAL! PERO NGAYON AY PARANG NAKIKINIKINITA KO ANG ATING TAGUMPAY! MAKABABAWI TAYO SA LABANG ITO!
Katha ni EDDIE RAÑOLA
HARINAWA NGA SANA, YAMANG HINDI KA NA RIN LAMANG MAPIPIGIL! PERO ANG ISA PANG INAALAALA KO'Y 'YANG ANAK MO! IBIG DAW MANGIBANG BANSA PARA MAGPAKADALUBHASA SA PAGHILIS NG BIYOLIN!
HINDI KO NAMAN MAINTINDIHAN SA BATANG IYAN KUNG BAKIT NAGPAPAKAMATAY SA MUSIKA! SINABI KO NANG WALA SIYANG MAHIHITA! MARAMI NA AKONG NAKITANG PUMALAOT SA SINING NA IYAN NA NANGAMATAY NANG PULUBI!
MALAY NATIN SA KANYANG KAPALARAN, TIYO FILEMON! MAY NALALAMAN DIN NAMAN TAYONG MGA ALAGAD NG MUSIKA NA NANGABANTOG AT DINAKILA!
PAGKARAAN PA NG ILANG SANDALI...
HOY, MISTER MALAKIHIN! AALIS AT AALIS NA AKO E HINDI MAN LAMANG ITO NAKIKIPAG-USAP!
PAGPASENSIYAHAN MO NA AKO, LULU, AT INEENSAYO KO LAMANG MABUTI ANG TUTUGTUGIN KO SA ISANG PROGRAMANG...
HU! LAGI KANG MAY DAHILAN! PUMUNTA KA BUKAS SA BAHAY, HA? MANONOOD KAMI NG SINE NG MGA KAIBIGAN KO. SUMAMA KA SA AMIN PARA HINDI MAGING PURO MUSIKA 'YANG LAMAN NG ULO MO!
TITINGNAN KO...
ANONG TITINGNAN PA! BASTA HIHINTAYIN KITA BUKAS NG HAPON, MGA ALAS-TRES...
INIHATID PA NINA DON FILEMON SI LULU HANGGANG SA TARANGKAHAN. NANG WALA NA ANG DALAGA...
IKAW NGA NAMAN ANG WALA NANG HINARAP KUNDI MUSIKA! MUSIKA! PATI TULOY SI LULU AY NAGHIHINANAKIT SA IYO! PARA NGA NAMANG HINDI MO SIYA PANSIN...
HINDI NAMAN SA GAYON, PAPA! KAYA LAMANG AY...
NAPALINGON SILA NANG MAKARINIG NG TUGTUGIN SA AKORDIYON NA SINASALIWAN NG GITARA. AT NAKITA NILA ANG...
NATAPOS ANG MARIKIT NA TUGTUGIN SA GITNA NG PAGHANGA NG MAG-AMA, AT...
PALIMOS NA PO...
PARANG HINDI KAPANI-PANIWALA NA ANG ISANG TULAD NIYA'Y...
NANG MAKAALIS NA ANG MGA NAGPALIMOS...
KATAKATAKA, PAPA, NA ANG ISANG NAPAKAGANDANG DALAGANG MAY NALALAMAN PA SA MUSIKA AY MAGPALIMOS...
SA BUHAY NG TAO, IHO, AY TALAGANG MALIMIT MAGANAP ANG DI MADALUMAT NA MGA PANGYAYARI!... TAYO NA AT HUWAG MONG GULUHIN ANG IYONG ISIP SA MGA BAGAY NA WALA NAMAN TAYONG KAUGNAYAN...
KINABUKASAN, SINIKAP NI LEANDRO NA PAUNLAKAN SI LULU. NAGLALAKAD NA SIYANG PATUNGO SA DI KALAYUANG TAHANAN NG DALAGA, NANG MAKARINIG SIYA NG TUGTUGIN SA PIYANO NA NAGBUBUHAT SA ISANG PINTO. DI NIYA NAPAGLABANAN ANG KAPANGYARIHAN NIYON, AT SAGLIT SIYANG NAPATIGIL...
"REMEMBER ME"... SINO KAYA ANG...
NGUNI'T ANG PAGHANGA NG BINATA AY NALAKIPAN NG PAGTATAKA NANG SUMALIW SA MARAHANG TUGTUGIN ANG MGA IMPIT NA PANANGIS...
HU-HU-HU-HU-HU-HU
ITUTULOY




(ANG PANGALAN NG MGA TAUHAN AT ANG MGA PANGYAYARING BUMUBUO SA MGA KUWENTONG NALALATHALA SA MAGASING ITO AY PAWANG KATHANG-ISIP LAMANG NG SUMULAT. ANG ANO MANG PAGKAKAHAWIG SA TUNAY NA BUHAY O PANGALAN NG SINOMANG TAO, BUHAY MAN O PATAY, AY ISANG PAGKAKATAON LAMANG NA DI SINASADYA)



SABUNGERO
MULA NANG IKASAL SINA DENANG AT TOMAS AY AYAW MAG-HANAP NG TRABAHO ANG LALAKI. LAGI NA LAMANG SA SABUNGAN AT DOON "NAGBABAKA-SAKALI," HABANG ANG BABAE AY SIYANG NAG-HAHANAP-BUHAY SA PAGTANGGAP NG MGA LA-BAHIN...
SIGI NA, DENANG... IPAHIRAM MO NA SA AKIN ANG NASINGIL MO KA-HAPON! BAKA MAKABAWI AKO NGAYON, E... NANG MAKAPAMILI NAMAN TAYO KAHIT KAUNTI! MATAGAL NA RIN TAYONG DI NAKAKATIKIM NG MASARAP-SARAP NA PAGKAIN!
PA'NO NGA... E SA AYAW KANG MAGBANAT NG BUTO AT IPINATATALO MO PANG LAHAT SA SABONG ANG KINIKITA KO!
HUWAG KA NANG MANUMBAT! SUSU-WERTEHIN NA TAYO NGAYON!
Guhit ni • TEMY BAUTISTA
MULING NAHIMOK ANG BABAE. AT NATA-NGAY NA NAMAN NG LALAKI ANG WA-LONG PISONG NASINGIL SA KANILANG MATSANTE. PAGKARAAN NG ILANG SAN-DALI, SA SABUNGAN...
SAMERON... LOD'YIS!... LOD'YIS...!
SAMERON ...SAMERON...!
LOROOONSE!... LOROOONSE...!
NGUNIT KAGAYA NG KADALASANG MANGYARI, UMUWI NA NAMAN SI TO-MAS NA MASAKIT ANG ULO...
ANO... SINA-SABI KO NA NGA BA'T MUKHANG...
TALAGANG MALAS LANG, DENANG!... PERO LUMABAN NANG HUSTO!...
HINDI BALE! MAKAKAHIGOP TAYO NG SABAW! ILAGA MO ITO...
HINDI NAG-BABAGO ANG PAULIT-ULIT NA TAGPO SA BUHAY NG MAG-ASAWA. AT ISANG UMAGA...
LIMANG BUWAN NA ANG ATRASO NINYO! UBOS NA ANG PASENSIYA KO! KUNG HINDI PA KAYO MAKABIBIGAY SA LOOB NG LINGGONG ITO E HUMANAP NA KAYO NG MALILIPATAN!
NANG MAKAALIS NA ANG BABAE...
PA'NO TAYO NGA-YON!... KAILANGANG KUMILOS KA NAMAN PARA MAKAAHON TAYO SA KOMPRO-MISO! HINDI KO MAKAKAYANG BA-LIKATIN ANG LAHAT... BA!
HETO NGA'T NAG-IISIP AKO KUNG PAPA'-NO, E...
NAALAALA NI TOMAS ANG ISA NI-LANG KUMPARE. NAGTUNGO SIYA ROON AT IPINAGTAPAT ANG KANILANG SULIRANIN.
IKAW LANG ANG INAASAHAN KONG MAKATUTULONG SA AMIN SA BAGAY NA ITO, PARE...
MADALI 'YAN, PARE... HAMO'T AKO'NG BAHA-LA! TUTULUNGAN KO KAYO....
MAY PINAG-USAPAN ANG MAGKUM-PARE. AT MA-SAYA NA SI TOMAS NANG UMUWI NG BAHAY...
ANG AKALA KO BA'Y... BAKIT MANOK NA NAMAN 'YANG DALA MO?
ITO ANG MAKAHAHANGO SA ATIN SA KAGIPITAN, DENANG!... SAKA KO NA SA'YO SASABIHIN KUNG PA-PA'NO! BASTA ILAKAD MO'KO NG KUWALTA! MGA APATNAPUNG PISO! MAGDILIHENSIYA KA SA MGA MATSANTE MO...
AT SA SABONG MO NA NAMAN BA HA-HANAPIN ANG SALAPING...
HUWAG KA MUNANG SUMAGOT! BASTA SUNDIN MO AKO! SIYENTO POR SIYEN-TONG SALAPI ANG ABILIDAD NAMING ITO NI PARENG TISYO!... AYAW KO LANG SABIHIN KUNG ANO AT BAKA MAWALAN NG EPEKTO...
MULING NAPILIT NI TOMAS ANG ASAWA. AT KINABUKASAN...
ITAGA MO SA BATO, DENANG... MA-GIGING DOBLE ANG PERANG ITO PAG-UWI KO! PAG NA-ABUTAN NATIN NG KAHIT NA TREINTA PESOS SI ALING BOSYANG, E HINDI NA TAYO PAAALISIN! AT MERON PA TAYONG MAIPA-MIMILING SOBRA SA PANALUNAN!
BUONG PANA-NABIK NA NAGHINTAY SI DENANG SA PAG-UWI NG ASAWA. TIRIK NA ANG ARAW NANG DUMA-TING SI TO-MAS, NGUNIT SA BUONG PAGKAGULAT NI DENANG AY...
WALANGHIYANG BUHAY 'TO, OO! MINSAN KAMING "NANIYOPE" NI PARENG TISYO E NAHULOG PA'NG SULTADA! ISINUSUMPA KO NA'NG SABONG! HINDI NA 'KO MAGSASABONG KELANMAN! ITA-GA MO 'YAN SA BATO, DENANG!
MULA NANG MAGSAMA ANG MAG-ASAWA, NOON LAMANG TI-NUPAD NI TOMAS ANG SALITA NIYA KAY DENANG. SA-PAGKA'T ILANG ARAW NA ANG NAKALIPAS AY HINDI NA NGA SUMILIP MAN LAMANG SA SABUNGAN SI TOMAS. AT ISANG ARAW...
MASARAP ICE CREAM
KLING KLING KLING KLING
SAMANTALA...
NASALUBONG KO SI TOMAS, A! NAG-TITINDA NG SORBETES...
SIYENGA HO... MANG-YARI'Y IBIG DAW N'YANG HUMANAP NG PERA PARA HINDI N'YO KAMI MAPAALIS... HINDI NA HU S'YA NAGSASABONG...
HUWAG KANG MAG-ALALA! HINDI KO NA KAYO PAALISIN! KAYA LANG NAMAN HINIGPITAN KO KAYO E ALAM KO NGANG SA SABONG LANG INU-UBOS NG ASAWA MO ANG INYONG KUWALTA! NGA-YONG NAGBAGO NA SIYA E PIHONG MAKABABA-YAD NA KAYO NANG HUSTO... KAHIT UNTI-UNTI!
SALAMAT PO, DIYOS KO...
WAKAS




*"Umabot sa sukdulan ang galit ni Ina, at ako'y isinumpa"*

# "ANG SUMPA NI INA"

***Pagtatapat ng Isang Plantsadora***

***Kay BENITO R. CADIZ***

**DAPAT PANGILABUTAN NG ISANG ANAK ANG SUMPA NG KANYANG INA PAGKA'T LUBHANG MALAKAS ANG TAGLAY NA KAPANGYARIHAN**

ANG SUMPA ng kapuwa ay hindi lubhang dapat katakutan. Maaaring ang isang tao'y isumpa ng kanyang kaaway, kaibigan, kasintahan, o ng sinumang umabot ang galit sa sukdulan. At ang sumpang iyan ay maaaring di tumalab. Subali't ang sumpa ng isang ina, iyan ang dapat ipanghilakbot. Ang sumpa ng isang ina ay mabisa, may lakas at kapangyarihan, na kadalasan ay tumatalab sa isang anak.

Dahil sa sumpa ng isang ina, ngayo'y nabubuhay ako sa madilim na bahagi ng daigdig. Isasalaysay ko ang aking kasaysayan upang maging aral sa aking kapuwa.

---

Tandang-tanda ko pang ika-24 noon ng Disyembre, bisperas ng Pasko, nang makakilala ko si Marcelo sa isang sayawan. Aywan kung anong kapangyarihan mayroon siya at noon pa'y napalapit na agad sa kanya ang aking damdamin. Natangay ako ng kanyang magaganda at matatamis na pangungusap, at nang tipanin niya akong manood ng sine kinabukasan ay hindi ako nakatutol.

Parang hindi ko mapaniwalaan ang nangyari. Nang manood nga kami ng sine kinabukasan, araw ng Pasko, ay natamo na niya ang aking sagot sa iniluhog niyang pag-ibig. Naghiwalay kami noon na kapuwa masaya at maligaya.

Aywan kung sino ang nakapagsabi sa aking ina, nalaman niya kung saan ako nanggaling at kung sino ang aking kasama. Pinagalitan ako nang umuwi ako ng bahay. Inusig ako kung sino ang lalaking iyon. Taas ang noong sinabi ko naman ang totoo.

—Diyata't nagkagayon ka agad sa isang lalaking iisang araw mo pa lamang nakilala at hindi mo pa nalalaman kung sino? —nanginginig sa galit na sabi ni Ina.

Sa halip na tanggapin ko ang aking pagkakamali ay sumama pa ang aking loob. Likas na sa akin ang pagiging gayon. Maliit pa ako ay malimit na akong makagalitan ng aking ama't ina. Ayaw kong mapagsasabihan o mapanghihimasukan sa aking mga ginagawa. At tinaglay ko ang gayong ugali hanggang sa ako'y lumaki at maulila na sa ama.

Patuloy na pinagsalitaan ako noon ng aking ina. Ipinaliwanag niya ang aking pagkakamali at ang pagpapababa ko sa karangalan ng aking pagkababae dahil sa aking ginawa. Nguni't nagalit pa ako. Iginiit ko ang aking karapatan sa pagsasagawa ng ano mang bagay na aking naisin, masama man o mabuti.

Si Ina na rin ang unang tumigil upang hindi ako mapagbuhatan ng kamay. Nguni't sinabi sa aking hindi niya mapapayagang ako'y patuloy na makitungo sa isang lalaking hindi pa namin lubos na nakikilala ang pagkatao.

Hindi ko pinakinggan ang aking ina. Buhat noon ay ilang ulit pang nakipagtagpo ako at nakipagtipan kay Marcelo sa kung saan-saang pook. Nabihag akong lubos ng kagandahan niyang lalaki kaya hindi ko na napag-isip-isip ang aking magiging kalagayan. Huli na at napagsawaan na ako ni Marcelo nang matuklasan kong siya'y may asawa at dalawang anak. Nguni't ang gayon ay hindi nakapagpabago sa pagtingin ko sa kanya. Nagpatuloy din ako sa lihim na pakikipag-ibigan sa lalaking iyon na kinasanglaan ng aking pag-ibig. Hindi ko na inisip ang sasabihin ng tao. Hindi ko na inintindi kung ang aking ginagawa ay kasalanan man sa Diyos. Ang tanging mahalaga sa akin ay si Marcelo, ang kanyang pag-ibig, ang kanyang pagmamahal.

Dumating din sa kaalaman ni Ina ang katotohanan. At muli niya akong hinarap, isang gabi. Minsan pa niyang ipinamukha sa akin ang aking pagkakamali at ang tikis kong pagyurak sa aming karangalan. Nguni't gaya rin ng dati ay naging matigas ang aking loob at sinabi kong hindi ako mapipigil sa pakikitungo kay Marcelo.

Sa galit ni Ina ay napagbuhatan ako noon ng kamay. Lumuluhang sinumbatan ako sa pagiging suwail at walang turing na anak...

—Hindi ko akalaing hanggang diyan aabot ang iyong kasamaan! —umiiyak na sabi pa ni Ina. —Wala kang hiya! Ikaw ang naging batik sa ating pangalan at sa alaala ng ama mong malaon nang namatay!

Sa halip na matangay ako ng kanyang mga pangungusap ay kung bakit lalo pang nag-init ang aking loob. Nagsasagot ako. At nang pagsasampalin ako ni Ina ay hindi ko napigil ang aking sarili. Itinulak ko siya at padabog na tinungo ko ang pinto.

—Ang akala ba ninyo'y susundin ko kayo kung saktan man ninyo ako? —ang pasigaw ko pang wika. —Lalo ko kayong titikisin, baka akala ninyo!

Akma nang mananaog ako nang hatakin ako ni Ina.

—Saan ka pupunta? Saan...?

—Sa kanya! Sa lalaking ipinagbabawal ninyo sa akin! —ang matatag kong sagot. —Makikisama na ako sa kanya nang tuluyan! At walang makapipigil sa akin!

Sa tikis na pakikipaglaban ko sa kalooban ng aking ina ay umabot yata sa sukdulan ang kanyang galit. Na sa lupa na ako nang marinig ko ang malakas at nanginginig niyang tinig:

—Isinusumpa kita!... Isinusumpa kitaaa!... Napakasama mong anak!

Iyon lamang. Hindi ko na narinig ang iba pa ni-

*(Buklatin sa pah. 31)*

# Iba't-ibang KULAY sa PUTING-TABING

Hanggang sa mga sandaling sinusulat ito, halos lahat ay naniniwalang si Paquito Bolero ay nalibing na sa pusod ng dagat. Sa tagal nang panahong lumipas, na walang balita kung si Paquito ay nakaligtas o nakita pang buhay, ay nawalan na ng pag-asa ang lahat. Kabilang na nga siya sa mga nasawi sa nakapangingilabot na kapahamakan.

Ang pangkat ni Paquito, na nagtatanghal sa Kabisayaan at Mindanaw, ay inabot ng sakuna nang lumubog sa may dagat ng Sulu ang kanilang sinasakyang kumpit. Ilan lamang ang nakaligtas sa sakunang iyon.

Si Paquito, gaya ng alam na ng marami, ay isang kilalang "showman" at direktor sa puting-tabing. May ilang panahon ding nabantog ang kanyang pangalan. Walang makapagpapabulaang may naiambag din siya sa industriya ng pelikulang Pilipino at utang sa kanya ang tagumpay ng ilan nating mga tanyag na bituin. Isang malaking kawalan sa ikapitong-sining ang kanyang kamatayan (kung tutoong nalibing na nga siya sa pusod ng dagat).

Malungkot ang naging kapalaran ni Paquito Bolero at ng kanyang pangkat. Marami ang nakikiramay at nakikidalamhati, lalung-lalo na ang mga direktor, bituin at iba pang tauhan sa puting-tabing.

---

Isang bituing babae ng Everlasting Pictures, na ang nakatuklas ay ang prodyuser na si Kapt. Bonifacio F. Ongpauco, ang nabalitang lumipat sa ibang samahan. Ang hakbang na ginawa ng naturang bituin ay biglang-bigla at ipinagtaka ng marami, lalona ng mga taga-Everlasting.

Kung ano ang tunay na dahilan ng "pangingibang tahanan" ng tinutukoy naming bituin ay wala pang nakaaalam. Nguni't ano man... ang pangyayaring iyon ay "napakasakit" kina Kapitan Ongpauco... Sapagka't naganap sa kanila ang kasabihang: *"Ako ang nagbayo, ako ang nagsaing... saka nang maluto'y iba ang kumain!"*

Gayon man, hindi rin dapat pakadibdibin ng Everlasting ang nangyari. Sapagka't isang artista ang kinaringgan namin: "Malay natin kung maluluto nga siya roon! (ang tinutukoy ay ang binabanggit naming bituin), Hindi pa nakasalang ang palayok, kaya maaaring siya'y mahilaw!"

At may isa pa ring nagsabi, na pabanggit din sa isang sawikain: "Ang hindi lumingon sa pinanggalingan, di makararating sa paroroonan!"

Para sa amin, isang pakikiramay na lamang sa EP. At para sa tinutukoy naming bituin, harinawang magtagumpay din siya at "makarating sa patutunguhan".

---

Isang tanyag na artistang lalaki ng Sampaguita at isang "sikat" ding bituing babae ng LVN ang malimit makitang magkausap nang mga nakaraang pagsusuri ng FAMAS sa mga pelikulang itinanghal noong 1956. Magkatabi sila sa upuan. Panay ang ngitian at kuwentuhan. Ang kalimitang paksa ng kanilang usapan? Wala namang dipangkaraniwang bagay. Tungkol lamang sa kanikanilang estudyo... sa buhay ngayon ng isa't isa ... at sa masasayang araw nila at ng iba pa nilang kasamahan nang sila'y kapuwa naglilingkod pa sa isang samahan. Iyan lamang at wala na. Kaya hindi kaipala tutoo ang nabalita tungkol sa kanilang dalawa nang mga nakaraang araw. Maaaring ang gayo'y tsismis lamang.

---

Minsan, nakita namin si


# Isang Kaugaliang Pilipino...



Nakaugalian na ng mga Pilipino lalo na sa Katagalugan, ang pagdaraos sa patapos ng isang yumaong kamag-anak ng isang malaking pagdiriwang na pinangungunahan ng pagkanta ng rosaryo sa saliw ng banda ng bayan. Bukas ang bahay ng pamilya at ang lahat ng mga taga-nayon ay malayang sumama sa pagdarasal at pagdiriwang.

Lubos na matanda kaysa maraming kaugaliang Pilipinong umiiral hanggang ngayon ay ang paghahandog at pag-inom ng—

**GINEBRA SAN MIGUEL**

*"Ang Kinagigiliwang Hinebra Buhat Pa Noong 1834!"*

Sa loob ng mahigit na isang daang taon, ito ang nakapagdudulot ng higit na kasiyahan sa mga kapistahan at masasayang pagtitipon sapagka't LASA ANG LAGING NAGSASABI— nag-iibayo ang sarap ng mga inumin kung may GINEBRA SAN MIGUEL!




**MAKINIG SA:**
"Edong Mapangarap", DZFM, Martes, ika-8:00-8:45 nang gabi; "Mga Kuwento ni Lola Basyang", DZPI, Biyernes, ika-8:00-8:30 nang gabi; "La Tondeña Grand Amateur Contest", DZBB, Linggo, ika-5:30-6:30 nang gabi.

*isang produkto ng*

**LA TONDEÑA, INC.**



Isang bagong tuklas na bituin ng Everlasting Pictures ang magsasabog ng luningning. Siya'y si Teresa Mendez (nakalarawan sa kaliwa) na mapapanood sa "LAKI SA LAYAW" at sa iba pang pelikulang ginagawa ng samahan. Ayon sa FAMAS, na siyang "nagbinyag" ng pangalang pampelikula kay Teresa, ay "lubhang malayo" ang kanyang mararating.

mailigtas sa malulupit na kabig ng kardinal.

Kaya, ang anak ng kondesa ay lumaking isang "babae". Nguni't nang na sa hustong gulang na, ipinagtapat ng ina ang katotohanan...

Sumumpang maghihiganti ang konde at lihim na nag-aral nang paghawak ng espada. Naging mahusay siyang esgrimador, at isang araw ay nagpasyang sumali sa torneong idaraos sa palasyo ng hari...

Subali't nang patungo na sa palasyo ang konde (na walang nakakikilala) ay nasagupa niya ang mga kawal ng kardinal, at...

Ano ang nangyari?

Ang iba pang nangyari ay mapapanood sa "Espadang Umaangil" ng Premiere na malapit nang itanghal sa Sine Dalisay.

---

Sinimulan nang isapelikula ang "Laki sa Layaw" ng Everlasting Pictures noong ika-13 ng buwang ito. Pinili ni Direktor Nardo Vercudia ang petsang iyan pagka't ayon sa kanya'y masuwerte ang "13". Ang kanyang pangalan ay binubuo rin ng labintatlong titik, at napatunayan niyang ang bilang na labintatlo ay mapalad sa maraming pagkakataon.

Ang "Laki sa Layaw" ay siyang kauna-unahang pelikula ng Everlasting na hindi panay na aksiyon o "bakbakan". Ito'y madulang kasaysayan ng mga kabataang nabubuhay sa magulong daigdig at mapanglikha ng kaguluhan sa kanilang pook.

Si Benny Rubia, kilalang guro sa sayaw, ay magpapakilala rito ng isang bagong sayaw na pinamagatang *La Batanga*. Gagampanan ng isang pangkat ng mga artista, ang sayaw na iyan ay nakakahalintulad ng *Cha-Cha* at may mga bahaging hawig naman sa *Tango*.

Sina Celia Fuentes, Teresa Mendez at Mila Nieva ay gaganap sa pelikulang ito, ng papel ng tatlong magkakapatid na dalagang mapanglikha rin ng gulo dahil sa mga kapitbahayan.

---

Armando Goyena na nakaupo sa isang "box" sa Jai Alai. Isang lalaking tagahanga ng makisig na bituin na nagkataong naroon din nang gabing yaon ang panay ang sulyap. Higit na napagtutuunan ng pansin ang magandang babaing katabi ni Armando sa upuan. Panay ang pakikipag-usap ni Armando sa babae, nagngingitian pang malimit ang dalawa, nagbibiruan, nagtatawanan. Mapaghahalatang magiliw na magiliw sila sa isa't isa.

Hindi yata nakatiis, nang bumili ng tiket si Armando bilang pusta sa isang manlalaro ay nilapitan ng lalaki at kinausap.

"Ako'y isa mong tagahanga..." ang sabi.

"Salamat..." magiliw namang sagot ni Armando.

"Tagahanga mo rin yata ang katabi mo sa upuan!" sabi ng lalaki, sa hangad na malaman kung sino ang napakagandang babaing tinutukoy. "Ang sarap ng usapan ninyo, a. Tila..."

Nguni't nagulat ang lalaki nang sabihin ni Armando kung sino ang babaing yaon. Parang hindi makapaniwala.

Sapagka't ang babaing yaon pala, na buong giliw na kausap-usap ni Armando at parang isang kaibigan lamang, ay walang iba't si Paquita Roces, ang kanyang mahal na maybahay!

—oOo—

Ito ay isang magandang kuwento. Pakinggan ninyo...

Noong unang panahon, samantalang pauwi ang isang konde, kasama ang isang doktor na magpapaanak sa kanyang asawa, ay sinalakay sila ng mga tauhan ng isang kardinal. Napatay ang konde, nguni't ang manggagamot ay nakatakas.

Sa palasyo ang kondesa ay nagsilang ng anak na lalaki. Nguni't nang malamang ang kanyang asawa'y pinatay ng mga taksil, ipinahayag na ang anak niya ay babae upang



Sa pakana ni Duke Miguel (Lauro Delgado) ay naatasan si Consuelo Lacosta (Melita de Leon) na gumawa ng paraan upang si Konde Rodrigo (Efren Reyes) ay mapatay ng mga tauhan ng kardinal (Andres Centenera). Iyan ay isang tagpo sa "ESPADANG UMAANGIL" ng Premiere na susunod na itatanghal sa Dalisay.

## Ang Sumpa...

(*Buhat sa pahina* 28)

yang sinabi pagka't patakbo na akong lumisan sa aming tahanan na buo ang isang pasiya: makikisama na akong tuluyan kay Marcelo. Kahit na siya may-pananagutan ay walang kailangan. Haharapin ko ang pagkakasalang yaon, kung sa pamamagitan niyon makakasumpong ako ng kasiyahan.

Ang bisa ng sumpa ni Ina ay hindi ko agad nadama. Nitong mga huling araw na lamang naunawa ko ang pagtalab niyon sa akin.... nitong dumating na sa aking buhay ang isang kapahamakang hanggang ngayon ay aking ipinagdurusa.

Sapagka't ngayon, wala na sa akin si Marcelo. Lumayo rin siya sa akin pagkatapos ng lahat. Ngayon pa namang higit kong kailangan ang kanyang tangkilik at pagmamahal. Ano pa nga ba ang kasiyahang masusumpungan sa akin ni Marcelo? Ngayo'y isa na akong pangit na babae. Bulag ang isa kong mata na siyang pumingas sa dati kong kagandahan. Kaya iniwan na niya ako at pinabayaan.

Ngayon, hindi na ako makauwi sa amin. Namumuhay na lamang ako nang sarili. Malungkot ang aking buhay dahil sa naging madilim kong kasaysayan.

Kapag nadidili-dili ko ngayon ang aking naging kapalaran ay sinsumbatan ko ang aking sarili. Napag-iisip-isip ko ring lagi ang lakas at kapangyarihan ng sumpa ng isang ina.

Nguni't huli na ang lahat. Wala na akong magagawa kundi pagdusahan ang naging bisa ng sumpang iyon ng aking magulang.

Kung bakit ako nabulag, na siyang naging sanhi ng paglayo ni Marcelo? Nang lisanin ko ang aming tahanan ay nagtanan nga kami ni Marcelo upang tuluyan nang magsama, gaya ng sinabi ko kay Ina. Nguni't ilang araw pa lamang kaming nagpipisan ay dumating, isang gabi, ang kanyang asawa. Ako ang napagbuntunan ng galit at siyang sinalakay. Nakipaglaban ako, nguni't nahagip ako ng palo ng isang putol na kahoy sa kaliwang mata. Iyon ang naging sanhi ng aking pagkabulag. Hindi ko naman maipagsakdal ang asawa ni Marcelo pagka't parang tinubuan din ako ng hiyang ipabatid sa lahat ang katotohanan. Walang-pagsalang mabubunyag ang lahat kapag isinakdal ko siya. At maaaring ako pa ang maparusahan sa pakikiapid.

At doon na nga nagsimula ang unti-unting panlalamig sa akin ni Marcelo, hanggang sa tuluyan na akong iwan at muling magbalik sa piling ng kanyang asawa't mga anak.

Ngayon, narito nga ang aking kalagayan. Pinagdurusahan ko na ang bigat ng sumpa ng aking ina... (X)

——oOo——

## Dambana...

(*Buhat sa pah.* 28)

araw. Nguni't hindi niya pinansin iyon.

Ilang sandali pa, habang nagsisikain pa sila at manaka-nakang nagbibiruan ay dumagundong ang isang malakas na kulog. Saka lamang naunawaan ni Aida ang pagkulimlim ng araw, ang paglamig ng hihip ng amihan ....ang kulog. At natiyak niya sa sarili ang kanyang kinatatakutan —maaaring umulan. Maaaring abutin sila sa gitna ng bukid o sa kubong yaon.

—Uulan yata... — nakasungaw sa pinto ng kubo'y nasabi ni Ramon.

Sina Chit at Aida ay nagkatinginan. Nangungusap ng pagkatigatig ang kanilang mga paningin.

Si Eddie na madaling nakaunawa sa anyo ng dalawa'y nagtindig at tumabi kay Ramon sa pagsungaw sa labas ng kubo. Pagkatapos ay nagbalik sa kinaroroonan nina Aida at Chit.

—Uulan nga, —tanging nasabi niya.

—Paano ito, —sangguni ni Aida kay Eddie. —Hindi na tayo makababalik doon. Malayo na tayo. Baka doon pa tayo abutin sa gitna ng bukid.

—Lalo naman tayong hindi makapagpapatuloy sa *highway*, —sabad naman ni Ramon habang muling nauupo sa tabi ni Chit. —Baka abutin din tayo ng ulan. Saka mabuti kung may masisilungan tayo pagdating doon.

Nababahalang nagsawalang kibo sina Chit at Aida. Sina Ramon at Eddie naman ay nagumon sa pag-iisip.

Ilang sandali pa, nagsimulang bumagsak ang madalang nguni't malalaking patak ng ulan. Lalong nabahala sina Aida at Chit.

—Kailangang gumawa tayo ng paraan, —takot na sabi ni Chit. —Basa na rin lang ang damit namin ni Ramon ay sumagasa na tayo sa ulan.

—Lalong mahirap iyon, Chit, —tutol ni Aida. —Tiyak na nakasilong nang lahat ang mga kasama natin ngayon. Lalong magiging kahina-hinala kung mababasa tayong apat at sila'y hindi. Paano kung itanong ni Tiyang kung bakit tayo lamang ang nabasa?

—Saka baka magkasakit kayo'y lalong mahirap, —sabi pa ni Eddie.

Muling naghari sa apat ang di-pag-iimikan.


Ang madadalang na patak ay suminsin nang suminsin hanggang sa maging totohanang ulan na. Ang bubong ng kubo'y nabasa, natigmak, nababad, tinagos ng tubig. Sumiwang ang malakas na buhos ng ulan sa ibabaw niyon at naglagos sa ilang butas ng atip.

Patuloy ang palakas nang palakas na ulan, ang mga dagundong ng kulog ang pagdidilim ng kapaligiran.

(ITUTULOY)



Gaya ng makikita sa larawan, si Nida ay muling tumutupad ng nakatutuwang papel sa "SEBYA, MAHAL KITA" ng LVN na pinamamahalaan ni F. H. Constantino. Katambal ni Nida ang kanyang kasintahan sa puting-tabing, si Nestor de Villa, kasama sina Pugo, Ben Cosca at maraming iba pang tanyag na bituin.



Kuha ang larawang ito sa dulaang Life, sa "premiere showing" ng "SINO ANG MAY SALA" ng Vera-Perez Productions. Makikita sina Gng. Luz B. Magsaysay, Senador "Soc" Rodrigo, Gng. Dolores H. Vera at Rudy Francisco na kabilang sa maraming nagsipanood sa pamamagitan ng tanging paanyaya. Ang susunod na pelikula ng VPP ay ang 'MGA ANAK NG DIYOS" na itatanghal sa Mahal na Araw.

kabanalan
ang
maglingkod sa
kapuwa--
tumulong at
umabuloy
sa...

KRUS NA PULA